


ANG UNANG TATAK

 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa panalangin. Aming Amang Makalangit, pinasasalamatang Ka namin sa gabing ito para rito, sa panibagong pagkakataon na maparito upang sambahin Ka. Kami ay nagpapasalamat sa pagiging buhay at sa pagkakaroon nitong dakilang kapahayagan ng Buhay na Walang Hanggan na nananahan sa amin. At kami'y naparito, sa gabing ito, Ama, upang pag-aralan ang Iyong Salita, sama-sama, itong mga dakila't natatagong mga hiwaga na naitago mula pa ng itatag ang sanlibutan. At ang Cordero ang tanging Nag-iisa na makapaghahayag sa amin Nito. Idinadalangin ko na pumarito Siya sa kalagitnaan namin, sa gabing ito, at kukunin ng Kaniyang Salita at ihayag Ito sa amin, upang aming mabatid kung paano maging higit na mabubuting mga lingkod sa Kanya, sa mga huling panahong ito. O Diyos, habang nakikita namin na kami ngayo'y nasa huling panahon na, tulungan kaming mabatid ang katayuan namin, Panginoon, at ang aming mahinang pagkatao, at ang katiyakan ng Pagparito ng Panginoon, nalalapit na. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

2 Ako ay naniniwalang iyon ay si David, na nagsabi, "Ako'y nagalak nang sabihin nila sa akin, tayo'y pumaroon sa bahay ng Panginoon." Ito'y laging isang dakilang prebiblehiyo ang maparito. At—at ang pag-aralan ang Salita, nang sama-sama, ang nagkaloob sa atin nitong dakilang pag-asa.

3 Ngayon ay mayroong maraming nakatayo, at ako'y sadyang magmamadali ng kasing bilis hangga't maari. Subalit ako ay naniniwala na kayo'y naligayahan sa Presensiya ng Banal na Espiritu, tulad ng natamo, nitong mga nagdaang ilang oras. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

4 At, sa araw na ito, mayroon akong isang bagay na mangyayari na matagal nang 'di nangyayari sa mahabang panahon. Ako'y nag-aaral hinggil dito, hinggil sa kapahayagang ito rito, sa pagbubukas ng Tatak.

5 Mga taon na ang nakararaan natalakay ko na Ito rito, mga dalawampung-taon na ang nakararaan, palagay ko, o anumang gaya niyan, ngunit kahit paano o iba pa hindi ako kailanman sadyang naging ganap na kuntento. Tila ito ay mayroon pang ibang mga bagay, lalung-lalo na sa mga Tatak na ito, sapagka't ang mga Tatak na ito ay ang buong Aklat. Kita n'yo? Ito'y ang Aklat. Ang buong Aklat ay isang Aklat, natatakan. Ito'y nagsimula . . .

6 Halimbawa, kung ako'y mayroong isang bagay dito, ipakikita ko sa inyo ang ibig kong sabihin. [Ipinaliwanag ni

Kapatid na Branham ang pag-iikot at pagtatatak ng balumbon ng mga papel, sa paggamit ng mga pilas ng papel—Pat.] *Narito* ang isang tatak. Iya'y isa, at bilutin mo ito ng *ganito*, sa paraang ito'y ibinilot. At bilutin mo ito sa ganitong paraan. At, sa may dulo, mayroong maliit na bahaging nakausli, tulad *niyan*. Iyan ang unang tatak. O sige, pagkatapos, iyan ang unang bahagi ng aklat. Pagkatapos, ang kasunod na tatak ay nabilot sa *ganitong* paraan, mismo sa tabi nito. At ito'y nabilot sa ganitong paraan, tulad *dito*. At pagkatapos, sa dulo, mismo *rito*, mayroong isa pang nakausli. Nangangahulugang, dalawang tatak.

7 At gayon ang paraan ng pagkakasulat sa buong Biblia, sa mga balumbon ng mga papel. [Inalis ni Kapatid na Branham ang pagkakabilot ng mga pilas ng papel na kaniyang ginagamit sa ilustrasyon—Pat.] At, kaya, upang buksan ang mga Tatak na ito, bubuksan nito ang mga hiwaga ng Aklat.

8 Kayo ba'y nakapag-aral na sa Jeremias, kung paano niya iyon naisulat, marami sa inyo ang inilista niyan kagabi? Kung paanong yaong mga tatak ay naisulat at naitago, para itago, hanggang siya'y makabalik matapos ang pitumpung taon, ng pagkakabihag. Siya ay naibalik at inangkin ang kaniyang pag-aari.

9 At talagang gusto kong mapag-aralan Iyan. Hindi mo kayang. . . Walang paraan upang ipahayag lahat Ito, sapagka't Ito'y isang Walang Hanggang Salita. At ito'y isang Walang Hanggang Aklat, samakatuwid kailangan lamang natin na tipong matukoy ang mahalagang bahagi. At sa araw na ito, sa pag-aaral, ako'y nakapagsulat ng maraming mga Kasulatan upang mapag-aralan ninyo Ito. At gayon din naman. . . At ang mga teyp ay maghahayag ng higit hinggil Dito, habang kayo'y nag-aaral. At mayroon pang napakaraming mga bagay!

10 Kung maaari lamang na ako'y tumayo rito sa entablado at ihayag Ito sa inyo, sa paraan na Ito'y inihayag sa akin sa silid, naku, ito'y magiging kamangha-mangha. Ngunit, kapag ikaw ay nakarating dito, ikaw ay naiipit, at inyong lamang tipong nilalaktawan ang ibang mga bagay, at nagsisikap lamang na maihatid na lamang sa mga tao ang pinaka-buod, upang makita nila Ito.

11 Talagang pinasasalamat ko ang awiting iyan na kaaawit pa lamang ni Kapatid na Ungren; *Pagbaba Mula Sa Kaniyang Kaluwalhatian*. Kung hindi Siya bumaba mula sa Kaniyang Kaluwalhatian, nasaan kaya tayong lahat ngayong gabi? Kaya tayo'y nagpapasalamat na Siya ay bumaba upang tulungan tayo.

12 Ngayon, na maraming nakatayo, sadyang magmamadali tayo mismo rito, sa—sa abot ng makakaya natin. Hindi ko sinasabing magmamadali tayo para agad matapos, kundi ang ibig kong sabihi'y magsisimula tayo kaagad-agad kung maaari. At ngayon magbukas tayo, ngayon, pagkatapos ng. . .

13 Natapos na natin ang unang kabanata, ika-2, ika-3 at ika-4. Ang ika-5, kagabi. At ngayong gabi, tayo'y magpapasimula tayo sa ika-6 na kabanata ng Apocalipsis.

14 Ngayon, habang pinag-aaralan natin ang kabanatang ito, tayo'y tumutuko'y sa iba't-ibang mga dako, maging sa Luma at Bagong Tipan, pareho, sapagka't ang buong Aklat ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Iyan sa kabuuan ay kapahayagan ng—ng Panginoong Jesus, ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Ito'y ang Diyos, na inihahayag ang Kaniyang Sarili sa Aklat; inihahayag ang Kaniyang Sarili, sa pamamagitan ni Cristo, sa Aklat. At si Cristo ang kapahayagan ng Diyos. Siya'y dumating upang ihayag ang Diyos, sapagka't Siya at ang Diyos ay iisa. "Ang Diyos ay na kay Cristo, na pinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili." Sa ibang mga salita, hindi mo kailanman malalaman kung sadyang ano ang Diyos hanggang sa Kaniyang ihayag ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ni Cristo; pagkatapos ay maaari mo nang makita.

15 Dati kong naiisip, mga taon na ang nakalipas, na marahil ang Diyos ay galit sa akin, ngunit ako'y minahal ni Cristo. Natuklasan, na iyon ay siya ring Katauhan, kita n'yo. At si Cristo ang pinaka puso ng Diyos.

16 At ngayon habang pinag-aaralan natin ito, atin itong pinaghahambing ngayon. Ang unang tatlong aklat ng Biblia, ng Apocalipsis, na atin talagang masusing sinaliksik iyan, ay ang mga kapanahunan ng iglesya, ang—ang pitong kapanahunan ng iglesya. Ngayon mayroon ngang pitong kapanahunan ang iglesya, Pitong Tatak, Pitong Trumpeta, at mga Mangkok, at—at mga karumaldumal na espiritu tulad ng mga palaka, at lahat ng ito'y nagkakalakip-lakip.

17 Naku, gaano ko ninanais na magkaroon ng isang—isang malaki't malawak na mapa, at iguhit ito lahat ng pahalang, sa paraan na nakikita ko ito, alam n'yo na, kung paanong ang bawat isa'y nalalagay sa lugar nito. Iginuhit ko iyan sa maliit na pilas ng papel, ngunit aking . . . Alam n'yo 'yon. At ang lahat ng bagay, sa ngayon, ay matukoy lamang ng tamang tama. At taglay ang oras at ang mga kapanahunan, gaya ng kanilang pagdating at naglaho, at ang lahat ng bagay ay sadyang walang kamali-mali na nagkatugma-tugma ng tama. Kaya, maaaring hindi man ito sa kabuuan maging tama, ngunit ito'y ang pinaka mainam na nalalaman ko tungkol riyon, kahit paano. At alam ko, kung—kung gagawin kong lahat ang aking makakaya, at ako'y makagawa ng pagkakamali sa pagsusumikap na magawa ko ang lahat ng makakaya, at ang pinaka-mainam na nalalaman ko, na tiyak na ako'y patatawarin ng Diyos sa paggawa . . . para sa pagkakamali kung ako man ay nakagawa ng mali.

18 Ngunit, ngayon, yaong mga naunang tatlong aklat ay ang una, Pitong Kapanahunan ng Iglesya. At pagtapos ay natuklasan

natin, sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, si Juan ay inagaw pataas. Kita n'yo? Nakita natin ang mga iglesya. Walang masyadong nabanggit tungkol sa mga kapanahunan ng iglesya. Doon ay kung saan iniisip ko na ang mga tao'y talagang masosorpresa. Kanilang—kanilang—iniaangkop nila ang Iglesya sa dako roon tungo sa kapanahunan ng Kapighatian, doon sa mga bagay na mangyayari. At tulad nang sinabi ko, Linggo, kahapon: ang unang bagay alam n'yo, ang mga kapighatiang yaon ay darating, at ikaw ay magtataka kung bakit hindi ang... Ang unang pagdating ay ang Pag-agaw. At ito'y magiging tulad ng naganap na: ito'y lumipas at hindi mo ito nalaman. Kita n'yo?

¹⁹ Ngayon, walang gaanong naipangako sa Iglesyang iyan, iyang Gentil na Iglesya, ang Nobya. Ngayon, nais kong ikintal ninyo sa isipan ninyo, mayroong iglesya at isang Nobya. Kita n'yo?

²⁰ Kailangan n'yo itong palaging paganahin sa tatluhan; apatan ay mali. Tatluhan! Tatluhan, pituhan, sampuan, tig-labingdalawahan at tig-dalawampu't-apat, at tig-apatnapu, tig-limampu, yaong mga buong numero. Ang Biblia ay... at pinapagana ng Diyos ang Kaniyang mga Mensahe sa—sa bil... ang mga bilang ng Biblia, sa mga numerong iyan. At makakukuha ka ng isang bagay na hihiwalay mula sa isa sa mga numerong iyan, bantayan mong mabuti. Hindi iyan lalabas ng tama, sa susunod na bagay. Kailangang maibalik iyan dito kung saan ka nagpasimula.

²¹ Kapatid na Vayle, Kapatid na Lee Vayle, siya—siya... Palagay ko siya'y naririto. Kami'y nag-uusap noong isang araw tungkol sa mga taong nalilihis sa linya. Ito'y parang tulad ng pagbaril sa isang inaasinta. Kung balanseng balanse ang baril na iyan, ang pagkakaumang, at pagkaasinta, ay kailangang tamaan nito ang inaasinta; liban na lamang kung gumalaw ang kanyong na iyan, o pumihit, o ang panginginginig ay ilihis ito, at kung saanman... o ang hangin ay bumuga. Kung saan man ito nagpasimulang lumihis, mayroon lamang isang paraan upang gawin, iyan ay ang pagbalik sa kung saan nito nilisan ang daan, at magsimula muli, kung tatamaan nito ang inaasinta. Kung hindi nito tamaan, bakit, sadyang hindi nito tinamaan ang inaasinta.

²² At iyan ang paraan sa pag-aaral ng Kasulatan, sa paniniwala ko. Kung makita nating may bagay tayong pinasimulan dito, at hindi ito lumabas ng tama, nakita mong hindi nga ito, oo, tayo'y nakagawa ng pagkakamali kung saan, kailangan mong bumalik. Hindi mo Ito mapapag-unawa sa iyong isipan. Sadyang Ito'y hindi...

²³ Kamakailan lamang natagpuan natin, sa pamamagitan ng Kasulatan, na walang sinumang tao sa Langit, o sa lupa, o sa ilalim man ng lupa, o nagkaroon man, o magkakaroon

man, na makagagawa nito. Ang Cordero lamang ang tanging makagagawa nito. Kaya nga, ang mga bulalas ng mga seminaryo, ano pa man marahil iyan, ay sadyang walang halaga. Kita n'yo? Kakailanganin ang Cordero upang ihayag Ito, iyan lang, kaya tayo'y nagtitiwala na tayo'y Kaniyang tutulongan.

²⁴ Si Juan, inagaw, sa ika-4 na kabanata, upang makita ang mga bagay “na nakaraan, na ngayon, at nang darating.” Ngunit ang Iglesya ay nagtapos sa ika-4 na kabanata. At kinuha pataas ni Cristo ang Iglesya, inagaw pataas sa alapaap, upang salubungin Siya, at hindi na nagpakitang muli hanggang sa ika-19 na kabanata, nang Siya'y bumalik kasama ng. . . bilang Hari ng hari at Panginoon ng mga panginoon, kasama ang Iglesya. At ngayon, Oh, ako'y umaasa na balang araw ay makuha nating matapos ang lahat ng ito, marahil bago Siya dumating. Kung hindi man natin magawa, makikita natin ito, kahit paano, kaya ito'y 'di na bale.

²⁵ Ngayon, dito sa ika-5 kabanata, ang pagbubukas ng mga Tatak na ito, at ngayon ay ang Aklat na may pitong tatak. Una, nais nating basahin ang Unang Tatak.

²⁶ Noong nakaraang gabi, upang magbigay-paliwanag rito sadyang kaunti pa, natagpuan natin, na, nang tumingin at makita ni Juan iyang Aklat na nananatili sa mga kamay ng orihinal na Nagmamay-ari, ang Diyos. Naalala n'yo ba kung paano Ito naiwala? Ni Adam. Kaniyang naiwala ang Aklat ng Buhay, para sa karunungan ni Satanas, at naiwala ang kaniyang mana, naiwala ang lahat ng bagay; at walang paraan para sa katubusan. Pagkatapos, ang Diyos, na nakitulad sa wangis ng tao, ay bumaba, at naging Manunubos sa atin, upang tayo'y tubusin.

²⁷ At ngayon natuklasan natin na, sa mga araw na nagdaan, ang mga bagay na ito na mahiwaga ay bubuksan sa atin sa mga huling araw.

²⁸ Ngayon natuklasan natin, din naman, na dito, na, pagkarinig ni Juan nang anunsiyong ito para sa—sa malapit na Kamag-anak na Manunubos upang lumipat at gawin ang Kaniyang pag-angkin, walang sinumang tao na makagagawa nito; walang sinumang tao sa Langit, walang sinumang tao sa lupa, walang sinumang tao sa ilalim ng lupa. Wala ni isa man na karapat-dapat na tumingin man lamang sa Aklat. Isipin lamang iyan. Walang sinumang tao, sa anumang paraan, ang karapat-dapat man lamang na tumingin Dito.

²⁹ At si Juan ay nagsimulang umiyak lamang. Alam niya na, naku, wala ngang pag-asa para sa katubusan kung gayon. Ang lahat ng bagay ay nabigo.

³⁰ At kaagad nakita natin na ang kaniyang pag-iyak ay tumigil, kaagad, sapagka't inanunsiyo ng isa sa apat na Hayop, o ang mga matatanda, pala. Isa sa mga—sa mga matatanda ang nagsabing,

“Huwag kang umiyak, Juan, sapagka’t ang Leon sa angkan ng Juda ay nanaig,” sa ibang salita, “nagtagumpay, at nanakop.”

³¹ Si Juan, ay bumaling, siya’y nakakita ng Corderong papalabas. Siya marahil ay duguan at nahiwa at sugatan. Iyon ay pinaslang, ang. . . sinabi, na, “Isang Cordero na pinaslang.” At, siyempre, iyon ay duguan pa rin; kung iyon sinugatan ang cordero at—at pinaslang ito sa paraan ng pagpaslang sa Corderong iyon, kahit paano. Iyon ay tinaga ng pira-pirasong roon sa krus, mga sibat sa tagiliran, at mga pako sa mga kamay at paa, at mga tinik sa ibabaw ng kilay. Siya ay nasa kalunos-lunos na kalalagayan. At ang Corderong ito ay dumating, at nagtungo roon sa Kanya na nakaupo sa Trono, na may tangan ng kumpletong titulo ng Pagtutubos. At ang Cordero ay pumaroon at kinuha ang Aklat mula sa kamay Niyaong na nakaupo sa Trono, at nakuha, at binuksan ang mga Tatak at binuksan ang Aklat.

³² At pagkatapos nang iyan ay maganap, natuklasan natin na maaring nagkaroon ng isang—isang dakilang anong bagay ang naganap sa Kalangitan. Sapagka’t, ang mga matatanda, at ang dalawampu’t apat na matatanda, at ang mga Hayop, at—at ang lahat ng bagay sa Kalangitan, ay nagpasimulang magsabing, “Karapat-dapat!” At narito dumating ang mga Anghel, at ibinuhos ang mga Mangkok ng mga panalangin ng mga banal. Ang mga banal sa ilalim ng altar ay nangagsigawan, “Karapat-dapat Ka, O Cordero, pagka’t kami’y Iyong tinubos, at ngayon kami’y Iyong ginawang mga hari at mga saserdote, at kami’y magsisipag-hari sa lupa.” Oh, naku! At iya’y gayon nga, nang Kaniyang buksan ang Aklat na iyon.

³³ Kita n’yo, ang Aklat ay tunay ngang naiplano at naisulat bago pa itinatag ang sanlibutan. Ang Aklat na Ito, ang Biblia, ay talagang naisulat bago pa itinatag ang sanlibutan. At si Cristo, bilang Ang Cordero, ay pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. At ang—ang mga miyembro ng Kaniyang Nobya, ang kanilang mga pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itinatag ang sanlibutan. Subali’t, Ito nga’y natatakan, at ngayon Ito’y inihahayag na; kung kaninong mga pangalan ang naroon, lahat ng tungkol Dito, at anong dakilang bagay.

³⁴ At si Juan, nang makita niya ito, siya—siya’y nagsabi, “Ang lahat ng bagay sa Kalangitan, lahat ng bagay sa ilalim ng lupa. . .” Ang lahat ng bagay ay narinig siyang nagsasabing, “Amen, mga pagpapala, at karangalan!” Siya’y sadyang nagkakaroon ng mainam na sandali, at, sapagka’t, “Ang Cordero ay karapat-dapat.”

³⁵ At ngayon ang Cordero ay nakatayo. Ngayon, sa gabing ito, sa pagpasok natin sa ika-6 na kabanata, tangan Niyan ang Aklat sa Kaniyang mga kamay, at nagpapasimulang ihayag Ito.

³⁶ At, naku, ako'y lubusan ngayon. . . At ako'y umaasa na ang mga tao'y espiritwal. Maaring nagkaroon ako ng isang kakilakilabot na pagkakamali hinggil Diyan, kung hindi dahil sa, mga alas-dose sa araw na ito, nang ang Banal na Espiritu ay dumating sa silid at itinuwid ako sa ilang bagay na isinusulat ko upang sabihin.

³⁷ Kinukuha ko Ito mula sa isang dating konteksto. Wala akong taglay na anumang tungkol Dito. Hindi ko alam kung Ano ang Ikalawang Tatak, walang kahit ano pa man. Ngunit mayroon akong mga ilang dating konteksto ng ilang bagay na ipinangusap ko mga ilang taon na ang nakararaan, at isinulat ko iyan. At natipon ko ang mga kontekstong ito, nilalaman mula kay Dr. Smith, maraming tanyag, at pangunahing mga guro na aking—aking natipon ito. At silang lahat sila ay naniniwala niyan, kaya isinulat ko ito. At hinahanda ko upang sabihin, “Buweno, ngayon ay pag-aaralan ko Ito mula sa paninindigang iyan.”

³⁸ At doon, mga ganap na ikalabing dalawa ng tanghali, ang Banal na Espiritu ay kaagad na dumating sa silid, at ang buong bagay ay sadyang nabuksan sa akin, at naroon nga Iyan, kita n'yo, ukol dito—ukol dito sa Unang Tatak na nabuksan. Ako'y kasing positibo tulad ng ako'y nakatayo rito ngayong gabi, na ito ang Ebanghelyo ng Katotohanan na sasabihin ko ngayon dito. Akin—sadyang nalalaman kong ito nga.

³⁹ Sapagka't, kung ang isang kapahayagan ay salungat sa Salita, kung gayon hindi iyan Kapahayagan. At, alam n'yo, mayroong mga ilang bagay na maaaring mag-mistulang totoong totoo, ngunit gayun ma'y hindi ito totoo. Kita n'yo? Ito'y mistulang kahawig niyon, subali't ito'y hindi.

⁴⁰ Ngayon, natagpuan natin, ang Cordero na may Aklat, ngayon. At ngayon sa ika-6 na kabanata bumasa tayo.

At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko, sa isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, Halika.

At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang korona; at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtatagumpay.

⁴¹ Ngayon, iyan ang Unang Tatak, ang isa na sisikapin natin, sa biyaya ng Diyos, na maipaliwanag Ito ngayong gabi. Sa abot ng makakaya. . . At napagtanto ko na ang isang tao, na nagsusumikap na ipaliwanag Iyan, ay lumalakad sa lubhang mapanganib na mga paninindigan kung hindi n'yo nalalaman ang inyong ginagawa. Kita n'yo? Kaya nga kung dumating ito sa akin sa pamamagitan ng kapahayagan, sasabihin ko sa inyo ng gayon. Kung kukunin ko lamang iyan mula sa aking sariling kaisipan, kung gayon ay aking—sasabihin ko sa inyo iyan bago ako mangusap tungkol dito. Ngunit ako'y kasing positibo, tulad

ng ako'y nakatayo rito ngayong gabi, Iyan ay dumating na sariwa, sa akin, sa araw na ito, mula sa Makapangyarihan sa Lahat. Hindi ako sanay na nagsasabi lamang ang mga bagay na tulad niyan, pagdating sa ganitong bahagi ng Kasulatan. Ako—Ako'y. . .

⁴² Ako'y umaasa na nalalaman n'yo kung tungkol saan ang sinasabi ko ngayon, kita n'yo. Ngayon, alam ninyo, at hindi kayo maaring magsabi ng mga bagay. . . Kung mayroong ilang bagay na dapat na nakalapag *rito* bago ito maganap, kayo— hindi n'yo masasabi ito hanggang may bagay na maglapag nito sa dako roon. Kita n'yo? Kayo ba'y nagbabasa? Kayo ba'y nakikinig sa ilang bagay? Kita n'yo?

⁴³ Ngayon, ang Pitong—Tatak, ang nakabilot na Aklat ngayon ay pinakakawalan na ng Cordero. Tayo'y lalapit sa dakong iyan ngayong gabi. Diyos, tulungan kami. Yamang ang mga Tatak ay nabuksan at kinalagan, ang mga hiwaga ng Aklat ay naihayag.

⁴⁴ Ngayon, kita n'yo, *Ito isang* natatakang Aklat. Ngayon, pinaniniwalaan natin ito. Hindi ba? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Tayo ay naniniwala na Ito ay natatakang Aklat. Ngayon, hindi natin nalaman ito noon, ngunit, Ito nga. Ito ay natatakan ng Pitong Tatak. Ito ay, nasa likod ng Aklat, ang Aklat ay natatakan ng Pitong Tatak.

⁴⁵ Kung tayo ay nag-uusap tungkol sa *ganitong* uri ng aklat, ito ay magiging halintulad ng paglalagay ng bigkis na pahalang dito, pitong bigkis. [Nagpakita si Kapatid na Branham ng isang aklat bilang halimbawa—Pat.] Ngunit ito'y hindi *ganitong* uri ng aklat.

⁴⁶ Ito'y isang balumbon ng mga papel na may sulat. At kapag ang balumbon ng mga papel ay nakalagan, iyo'y isa; pagkatapos nakalapag mismo sa, balumbon ng mga papel ang bilang ikalawa. At mismo *rito* sinasabi Nito kung ano nga Ito, datapuwa't Ito'y isang hiwaga. Nunit, gayun pa man, tayo'y masusing nagsaliksik Dito; ngunit, tandaan, ang Aklat ay natatakan. At ang Aklat ay ang Aklat ng hiwaga, ng kapahayagan. Ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo, kita n'yo, isang Aklat ng mga kapahayagan. At ngayon alam n'yo, na sa buong kapanahunan, ang tao ay masusing nagsaliksik at nagsikap na makapasok Riyan. Tayong lahat nga'y nagsikap.

⁴⁷ At, gayon pa man, minsan, naalala ko. . . Kung—kung si Ginoong Bohanon ay nagkataong naririto, o—o ang ilan sa kaniyang mga tao, ako—hindi ko ibig sabihin ito bilang isang insulto. Si Ginoong Bohanon ay isang matalik na kaibigan, at siya ang superentendente ng Serbisyong Pampubliko noong ako'y nagtatrabaho roon. Nang ako'y simulang naligtas, sinasabi ko sa kanya ang tungkol sa pagbabasa sa Aklat ng Apocalipsis. Sabi niya, "Sinubukan kong basahin ang bagay na iyan," aniya. At si Ginoong Bohanon ay isang mabuting tao, at siya—siya'y

isang miyembro ng isang iglesya. At—at hindi ko alam kung saan siya lubos nabibilang, ngunit sabi niya, “Palagay ko si Juan ay marahil nakakain ng mapulang sili sa hapunan ng gabing iyon, at natulog na busog.”

48 Sinabi ko sa kanya, bagaman ang maaring maging kapalit nito ay ang aking trabaho, sabi ko, “Hindi ka ba nahihiyang sabihin iyan?” At ako’y isang bata pa lamang. Ngunit sinabi ko, “Hindi ka ba nahihiyang sabihin iyan tungkol sa Salita ng Diyos?” Kita n’yo? Gayon pa man, at isang bata pa lamang, hindi hihigit sa . . . marahil mga dalawampu’t isa, dalawampu’t dalawang taong gulang; at ang trabaho ay bibihira, at ang kahirapan ay laganap. Datapuwa’t, gayun pa man, mayroong takot roon, kapag ako’y . . . lumihis, nakarinig ng kahit ano mang paglihis ukol sa Salita ng Diyos. Ito’y Katotohanan; buong Katotohanan. Kaya, ito’y ni hindi ito dahil isang panaginip lang o isang bangungot; hindi ito dahil sa nakain ni Juan.

49 Siya’y nasa Isla ng Patmos sapagka’t sinikap niyang ilagay ang Salita ng Diyos sa anyong aklat, at ipinatapon doon ng gobyernong Romano. At nasa isla, sa Araw ng Panginoon. At siya’y nakarinig sa gawing likuran niya ng isang Tinig ng maraming tubig, at siya’y lumingon upang tingnan, at siya ay nakakita nang Pitong Ginintuang Kandilero. At naroon nakatayo ang Anak ng Diyos, sa pagitan niyaon, ngayon.

50 At, pagkatapos, ang Aklat ay isang kapahayagan. Kaya, ang isang kapahayagan ay isang bagay na ipinabatid mula sa isang bagay, isang bagay na nahayag. At ngayon, pansinin, upang hindi ninyo ito malimutan, ito ay “nakasara hanggang sa panghuling kapanahunan.” Kita n’yo? Ang buong hiwaga Nito ay “nakapinid hanggang sa panghuling kapanahunan.” Nakita natin iyan sa Kasulatan dito.

51 Ngayon, ang hiwaga ng Aklat ay nahayag nang ang mga Tatak ay mabuksan. At nang ganap nang nabuksan ang mga Tatak, ang oras ng pagtutubos ay tapos na; sapagka’t iniwan na ng Cordero ang kubol ng pamamagitan, upang lumabas at kunin ang Kaniyang pag-aari. Siya ay isang Tagapamagitan, sa pagitan niyan. Ngunit kapag ang tunay na kapahayagan ay maganap sa mga Tatak, habang Sila’y nagsimulang mabuksan, ang Cordero ay dumarating mula sa sanktuwaryo. Ito’y ayon sa Salita. Nabasa natin iyan kagabi. Siya’y nagmula sa . . . nagmula sa kalagitnaan, at kinuha ang Aklat, kaya Siya’y hindi na Tagapamagitan. Sapagka’t, noon tinawag na nila Siyang Leon, at iya’y—iya’y ang Hari, at Siya’y hindi na isang Tagapamagitan pagkatapos.

52 Bagaman, ang mga taga-ganap ng mga Tatak na ito ay nagsimula sa kapanahunan ng unang iglesya. Ngayon tandaan, upang inyong—makuha n’yo nang mabuti ang pagpapaliwanag nito, kung makakaya natin, o kasing linaw ng maaari. Ang mga

“taga-ganap,” ilalagay ko iyan na tulad niyan sapagka’t ’yan ay isang—isang taga-ganap ay isang tao na nagbabago-bago ng maskara. Kita n’yo?

53 At sa kaganapang ito, ngayong gabi, makikita natin na ito’y si Satanas na nagpabago-bago ng kaniyang maskara. At, lahat, mga taga-ganap.

54 Si Cristo, ginaganap ang bahagi na Kaniyang ginawa, nang Siya’y maging mula sa Espiritu tungo sa pagiging tao, Siya’y nagsuot lamang ng kasuotan ng taga-ganap, laman ng tao, at bumaba sa anyo ng isang Tao, upang maging Malapit na Kamag-anak na Manunubos.

55 Ngayon—ngayon, nakita n’yo, ito’y isa lamang anyo ng taga-ganap. Iyan ang dahilan kung bakit lahat sila ay nasa parabula at si . . . at sa paraan na sila’y narito, tulad ng mga hayop, at mga hayop, at iba pa. Ito’y nasa isang pagganap. At ang mga taga-ganap na ito’y nagsimula sa unang kapanahunan ng iglesya, sapagka’t iyon ay si Cristo na inihahayag ang Kaniyang Sarili sa pitong kapanahunan ng iglesya. Ngayon naunawaan n’yo na ba. [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mainam. Kita n’yo? Si Cristo na inihahayag ang Kaniyang Sarili sa pitong mga kapanahunan ng iglesya.

56 Pagkatapos, sa loob ng mga kapanahunan ng mga iglesyang ito, mayroong isang malaking kaguluhan na dumating. Pagkatapos, sa katapusan ng kapanahunan ng iglesya, ang Mensahe ng ikapitong anghel ay upang pulutin itong mga nawalang hiwaga at upang ibigay ito sa Iglesya. Kita n’yo? Ngayon mapapansin natin iyan.

57 Ngunit hindi pa noon nahayag sa kanilang tunay na kalagayan. Ngayon, sa mga kapanahunan ng Biblia, naroon ang mga hiwaga, at kanilang nakita ang mga bagay na ito na maganap sa paraan na nakita iyon ni Juan dito. Ngayon sabi niya, “Mayroong isang mangangabayo ng maputing kabayo.” Ngunit, kung ano ang hiwaga nito ay, mayroon isang hiwaga na kalakip sa mangangabayo na iyan. Ngayon, ano man iyan, hindi nila alam, nguni’t ito’y magiging hayag. Ngunit magiging hayag matapos na iwan ng Cordero ang Trono ng Ama, ang Kaniyang pamamagitan bilang Malapit na Kamag-anakang Manunubos.

58 Ako’y mag-iiwan ng kaunting bagay dito. Ngayon, kung ang sinuman ay makakuha ng mga teyp na ito . . . Ang sinumang tao ay makapagsasabi ng kahit anumang naisin niya. Siya ay may karapatan sa anumang bagay na umuudyok sa kanya. Ngunit kung . . . Alam n’yo, kung ayaw ng isang ministro ito sa gitna ng kaniyang kongregasyon, kung gayon sabihin sa kanila na huwag kukunin ito. Ngunit ako—ako . . . Ito ay sa gitna ng mga tao pinagsuguan sa akin upang mangusap, samakatuwid kailangan kong ihayag kung ano ang Katotohanan. Kita n’yo?

⁵⁹ Ngayon, ang Cordero, sa panahon ng pamamagitan sa dako *rito*, alam Niya na mayroong mga pangalan roon na inilagay roon bago pa itinatag ang sanlibutan. At habang ang mga pangalang iyon ay hindi pa nahahayag sa daigdig sa kasalukuyan, kailangan Niyang manatili roon bilang Tagapamagitan. Nakuha n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Walang kamali-mali, pagtatalaga! Kita n'yo? Mabuti. Kailangan niyang manatili roon, sapagka't Siya'y naparito upang mamatay para roon sa mga itinalaga ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo? Kita n'yo? Sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman, nakita Niya sila. Hindi sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling kalooban; ang Kaniyang kalooban ay upang walang sinumang mapahamak. Ngunit sa pamamagitan ng Kaniyang Paunang kaalaman ay alam na Niya kung sino ang may ibig at sino ang ayaw. Samakatuwid, hangga't mayroon pang isang pangalan na hindi pa, na hindi pa 'hayag—naihayag sa daigdig, kailangang manatili roon si Cristo bilang isang Tagapamagitan, upang pangalagaan ang pangalang iyan.

⁶⁰ Ngunit kapag ang kahuli-hulihang pangalang iyan ay naisaboy sa Clorox o pampaputi na iyan, kung magkagayo'y ang kaarawan ng Kaniyang pamamagitan ay tapos na. "Hayaan mo siyang marumi na magpakarumi pa. Hayaan siya na banal, na magpakabanal pa." Kita n'yo? At Kaniyang iniwan ang sanktuwaryo at pagkatapos iyon ay naging Luklukan ng Paghatol. Sa aba niyaong sa mga wala kay Cristo kung gayon!

⁶¹ Ngayon pansinin, ngunit Ito'y magiging hayag kapag iniwan na ng Cordero ang, Kaniyang dako ng pamamagitan mula sa Ama. Ngayon, iya'y Apocalipsis 5. Ngayon Kaniyang kinuha ang Aklat ng mga Tatak, ang Aklat ng mga Tatak, o isang Aklat na natatakan ng mga Tatak, binuksan yaon at ipinakita yaon. Tingnan. Sa katapusan ng kapanahunan ngayon, matapos na ang pamamagitan ay magwakas, ang mga kapanahunan ng iglesya ay natapos na.

⁶² Siya'y pumasok, sa unang kapanahunan, ang Kapanahunan ng Epeso; nahayag, isinugo ang mensahero.

⁶³ Pansinin kung ano ang nangyari, habang tayo'y nagpapatuloy. Narito ang plano nito. Ang unang bagay ay naganap, mayroong isang—isang—isang pahayag sa mga Kalangitan, una. Anong naganap? Isang Tatak ay nabuksan. Ano iyan? Isang hiwaga ay nahayag. Kita n'yo? At kapag ang isang hiwaga ay nahayag, kung magkagayo'y ang isang trumpeta ay tutunog. Ito ay magdedeklara ng digmaan. Ang isang salot ay babagsak, at isang kapanahunan ng iglesya ay nabuksan. Kita n'yo?

⁶⁴ Ano ang "digmaang" bahagi? Naunawaan nang anghel ng Iglesya ang hiwaga ng Diyos, hindi pa lubos na nahayag. Ngunit, kapag kaniyang pag-unawa, nasalo niya ang hiwagang ito ng

Diyos, at pagkatapos siya ay pumaroon sa mga tao matapos na maibigay sa kaniya ang hiwaga. Pumaroon sa mga tao! Anong ginawa niya roon? Siya'y nagpasimulang iproklama ang Mensaheng iyon. At ano ang pinasimulan niyon? Isang digmaan, isang ispirituwal na digmaan.

⁶⁵ At pagkatapos ay kukunin ng Diyos ang Kaniyang mensahero, kasama ang mga Hirang ng kapanahunang iyan, at kukunin silang palayo, nangatutulog. At pagkatapos ay naghuhulog Siya ng salot sa kanila na tumanggi Niyan; isang pansamantalang hatol.

⁶⁶ At pagkatapos makalipas na iyan ay magwakas, pagkatapos iyan ay nagpatuloy, at sila'y nagdenomina, at nagdala ng mga denominasyon, at nagpasimula na taglay iyang makataong gawa, tulad ng kay Wesley at ang ito'y nauwi lahat ng iba pa sa kanila. At pagkatapos lahat sa isang kaguluhan muli.

⁶⁷ At pagkatapos panibagong hiwaga ang lumabas. Pagkatapos anong naganap? Panibagong mensahero ang dumating sa daigdig, para sa isang kapanahunan ng iglesya. Kita n'yo? Pagkatapos, nang siya'y dumating, s'ya ang—ang trumpeta ay tumunog. Siya'y nagdeklara ng digmaan. Kita n'yo? At pagkatapos anong naganap? Sa wakas, pagkatapos, siya'y inagaw palayo. At pagkatapos nang siya ay naagaw na palayo, pagkatapos ang salot ay bumagsak, pinuksa sila. Ang Espirituwal na kamatayan ay tumama sa iglesya, at siya'y nawala, ang grupong iyan.

Pagkatapos Siya ay nagtungo sa isa. Oh, ito'y isang dakilang plano!

⁶⁸ Hanggang, dumating ito sa panghuling anghel. Ngayon, wala siyang tiyak na hiwaga. Subali't kaniyang tinipon ang lahat na nangawala sa ibang mga kapanahunan, lahat ng mga Katotohanan na hindi pa talagang naihayag na yaon, kita n'yo, habang dumarating ang kapahayagan, pagkatapos ay inihayag niya ang mga bagay na iyon sa kaniyang araw. Kung nais ninyong basahin iyan, nariyan ito. Apocalipsis 10, 1 hangang. . . 1 hanggang mga 4, makukuha n'yo ito. Mabuti. Kita n'yo? “Kinuha ang Aklat at, ang mga Tatak, at binuksan yaon,” at ipinakita sa ikapitong anghel; dahil dito, ang mga hiwaga ng Diyos, ay ang ministryo ng ikapitong anghel. Ngayon, katapos lamang natin ang mga kapanahunan ng iglesya, taglay kahit ang kasaysayan, at pinatunayan iyan. Kita n'yo? Ito ay ang—ang Mensahe ng anghel, nang ikapitong iglesya, tama, ihinayag ang lahat ng mga hiwaga na nakakaraan, lahat ng mga bagay ng nakaraan. Apocalipsis 10:1-7, iyan ay panghinaharap. Ngayon, tandaan, “Sa mga kaarawan ng ikapitong anghel, sa kaniyang pagpapatunog, na ipinahahayag ang trumpeta ng Ebanghelyo, kaniyang tatapusin ang lahat ng hiwaga ng Diyos.”

⁶⁹ Gayundin, dito ay dumating, sa mga sinaunang kapanahunan ng iglesya. Makukuha natin iyan, matapos ang ilang sandali, isang doktrina. At, pagkatapos, iyan ay naging isang kasabihan, una; pagkatapos ay isang doktrina; at pagkatapos ay naging isang batas; pagkatapos ay naging iglesya, at nagtuloy sa mga madilimna kapanahunang.

⁷⁰ At pagkatapos mula sa madilim na mga kapanahunan ay lumabas ang unang repormasyon, si Luther. At kaniyang dinala, taglay niya, ang lahat ng uri ng mga mahiwagang mga bagay na naganap noong kapanahunan ng iglesyang iyan, lahat sa dako roon noon, ngunit hindi niya iyon natapos.

⁷¹ At pagkatapos sa pagpapatuloy dumating si Wesley, taglay ang pagbabanal, mayroong ilan pa nito. Gayon pa man, hindi pa iyon natapos; nag-iwan ng mga hindi nahayag lahat ng dako, tulad ng pagwiwisik sa halip na bautismo. At kinuha ni Luther ang “Ama, Anak, Espiritu Santo” sa halip na “Panginoong Jesus Cristo.” Ang lahat ng iba’t-iba pang mga bagay na ito!

⁷² At pagkatapos sa pagpapatuloy ay dumating ang kapanahunan ng Pentekostes, kasama ang bautismo ng Banal na Espiritu, at sila ay nagbigay ng napakalaking kahalagahan iyan. Ngayon, hindi na maaaring magkaroon pa ng iba pang kapanahunan. Iyon na ang lahat nito. Iya’y ang Philadelphia . . . o, ngayon, Kapanahunan ng Laodicea. Ngunit pagkatapos ang . . .

⁷³ Natuklasan natin, sa pag-aaral ng Kasulatan, na ang mensahero sa kapanahunan ay dumarating mismo pagtatapos ng kapanahunan, sa bawat pagkakataon. Si Pablo ay dumating sa pagtatapos ng kapanahunan. Natuklasan natin na si Iranaeus ay dumating sa pagtatapos ng kapanahunan. Si Martin, sa pagtatapos ng kapanahunan. Si Luther, sa pagtatapos ng kapanahunan ng Katoliko. At (ano?) si Wesley sa pagtatapos ng kapanahunan ng Luteran. At Pentekostes sa pagtatapos ng kapanahunan ng pagbabanal, patungo sa bautismo ng Espiritu Santo.

⁷⁴ At sa pagtatapos ng kapanahunan ng Pentekostal, tayo’y nakatakdang makatanggap, sang-ayon sa Salita, sa pagtulong ng Diyos sa akin ngayong gabi upang ipakita sa inyo, sa pamamagitan nito, na tayo ay makakakita, makatatanggap ng isang mensahero na kukuha lahat niyaong mga hindi nahayag roon at maihayag ang buong lihim ng Diyos, para sa pag-agaw ng Iglesya.

⁷⁵ At pagkatapos ay mayroong darating na pitong mahiwagang Kulog na hindi man lamang naisulat sa anumang paraan. Iya’y tama. At ako ay naniniwala na, sa pamamagitan niyaong Pitong Kulog, ay mahahayag sa mga huling araw upang sama-sama tipunin ang Nobya para makapag-agaw na sa pananampalataya. Sapagka’t, kung ano ang mayroon tayo ngayon, atin—hindi

natin makakayang gawin ito. Mayroong ilang bagay. Kailangan nating humakbang pa ng mas malayo. Tayo'y, tayo'y hindi magkaroon ng sapat na pananamplata para sa Banal na pagpapagaling, halos. Kailangang tayo'y magkaroon ng sapat na pananampalataya upang mabago, sa isang sandali, at maagaw pataas mula sa daigdig na ito. At matutuklasan natin na, pagkatapos ng ilang panahon, sa kalooban ng Panginoon, makita kung saan Iyon nasusulat.

⁷⁶ Pagkatapos, ang lahat ng mga kahatulan para sa mga manggagawang katampalasanan! Ngayon, tingnan, sa pagpapatuloy ng mga Tatak na ito, ay patuloy na pagbubukas, hanggang ngayon ang huling Tatak ay nabuksan. At ngayon habang sila ay—habang sila ay nagmamasid sa mga Tatak na ito at nagbabakasakali, nagbabakasakali sa kanilang ginagawa. Ngayon, sa pagtatapos ng mga kapanahunan, ng mga kapanahunan ng iglesya, lahat ng mga manggagawang ito ng katampalasan ay magaganap at magtutungo sa Kapighatian; lahat ng mga manggagawang ito ng katampalasan ng Pitong Tatak, na patuloy na gumaganap ng mahiwaga sa iglesya.

⁷⁷ At matutuklasan natin, sa ilang minuto, na iyon ay gumawa pa nga sa ngalan ng iglesya. Tinatawag nila ang kanilang sariling, “Ang Iglesya.” At tingnan makikita n’yo kung iya’y hindi tama. Hindi nakapagtataka kung bakit ako salungat na salungat sa denominasyon, hindi alam kung bakit. Kita n’yo? Kita n’yo?

⁷⁸ Sila ay nagtapos. Ngayon, iyon ay nagsimula rito sa banayad na anyo, at sadyang patuloy na pasama nang pasama, sa pagpapatuloy hanggang. . . at ang mga tao ay patuloy mismo na pumasok roon, na nagsasabi, “Oh, oo nga, *ito* ay talagang mainam.” Ngunit sa mga huling araw, ang mga bagay na ito ay inihayang. At sa wakas sila ay naging napaka-sama hanggang sa sila ay dumeretso sa panahon ng Kapighatian.

⁷⁹ At paano sasabihin ng isang tao na ang Nobya ni Cristo ay tutungo sa Kapighatian? Hindi ko maunawaan ito. Kita n’yo? Siya ay inagaw na mula sa Kapighatian. Kung—kung ang Iglesya ay hinatulan na, at kanilang hinatulan na ang kanilang sarili at tinanggap na ang Dugo, paano hahatulan ng Diyos ang isang tao na sakdal, at ganap na walang kasalanan?

Masasabi n’yong, “Walang gayong tao.”

⁸⁰ Bawat mananampalatayang ipinanganak muli, totoong mananampalataya, ay sakdal, lubos na walang kasalanan sa harap ng Diyos. Siya ay hindi nagtitiwala sa kaniyang mga gawa; sa Dugo ni Jesus, kung saan ang kaniyang pagpapahayag ay nahulog. Gayon ang sabi ng Biblia. Kita n’yo? “Siya na—na ipinanganak ng Diyos ay ’di nagkakasala, sapagka’t ’di siya maaring magkasala.” Paano mo gagawing makasalanan ang isang tao kung ang pampaputi ng Dugo ni Jesus Cristo

ay nasa pagitan niya at ng Diyos? Iyon ang wawasak sa kasalanan hanggang sa wala nang matira nito. Kita n'yo? Paanong mapapalampas ng purong Dugong iyan ni Cristo ang isang kasalanan doon? Hindi Niya magagawa.

⁸¹ Sabi ni Jesus, “Kayo nga’y mangagpakasakdal, tulad ng inyong Ama sa Langit na sakdal.” At paano man lamang natin sisimulan ang kaisipan ng pagiging sakdal? Ngunit hiniling ito ni Jesus. At kung hiniling ito ni Jesus, kailangan Niyang gumawa ng paraan para rito. At Siya’y gumawa; ang Kaniyang Sariling Dugo!

⁸² Ngayon, lahat, inihayag ang lahat ng hiwaga na lumipas noong nakaraan. Ngayon, ang kaisipan ay, dito sa huling kapanahunan, na ang mga hiwaga na nagsimula noong nagdaang panahon at nagpatuloy hanggang sa mga kapanahunan ng iglesya, ay ihahayag dito sa paghubukas ng mga Tatak, dito sa mga huling araw, makaraan na ang panahon ng pamamagitan ay sadyang malapit ng magtapos, sa panahong iyon.

⁸³ Pagkatapos, ang mga kahatulan ay naghihintay para sa mga nangasa likuran. Sila’y lumalabas patungo roon. Iyan ay pagkatapos na ang Nobya ay maagaw na mula sa tagpo.

⁸⁴ Naku, tayo’y bumasa na lang ng isang Kasulatan. Lahat ba kayo’y nagnanais magtala ng ilang mga Kasulatan? Kunin natin ang Ikalawang Tesalonica, sandali lamang, at tumingin kayo dito. Gusto ko ito! At tingnan natin. Oo, Ikalawang Tesalonica. At nais ko ang ika-2 kabanata ng Ikalawang Tesalonica, at ang—ang ika-7 talata. Tingnan natin. Ikalawang Tesalonica 2:7. Palagay ko iya’y tama, ngayon. Isinusulat ko ito, ng nangangatal at nanginginig.

. . . ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na: lamang ay Siya na . . . pumipigil, hanggang sa alisin siya.

⁸⁵ Sino? “Siya na pumipigil.” Kita n’yo? Kita n’yo, isang hiwaga, “ang hiwaga ng kasamaan,” mula pa noon sa pinaka unang kapanahunan ng iglesya rito. Narito si Pablo na sumusulat, nagsasabi na, “Ang hiwaga ng kasamaan.” Ano ang kasamaan? Ang kasamaan, ay isang bagay na alam mong ’di mo dapat gawin, at ginagawa mo pa ito kahit papaano. At sinabi ni Pablo na mayroong gayon sa mundo ngayon, mga manggagagawa ng kasamaan. Oh, kung ikaw . . . Tayo’y tutungo sa . . . Basahin lamang natin ang bahaging iyan, sandali lamang. Magsimula pa bandang itaas malayu-layo ng kaunti, sa ika-3 talata.

Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka’t ang araw na yaon hindi darating, maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas, at mahayag iyang (t-a-o-n-g) taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan; (Iya’y tama)

Na sumasalangsang at itinataas ang kaniyang sarili laban sa lahat na tinatawag na Dios, o sinasamba; ano pa't siya na gaya ng Dios ay nauupo sa templo ng Dios, ipinakikita ang kaniyang sarili na siya ay Dios, nagpapatawad ng mga kasalanan.

Hindi бага ninyo naaalala, na, nang ako'y kasama ninyo pa, ay sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito?

86 Nais kong maupo sa ilalim ng ilan sa kaniyang mga pagtuturo. Kayo rin ba?

At ngayo'y nalalaman ninyo ang nakapipigil upang siya'y mahayag sa kaniyang talagang kapanahunan.

87 Hindi noon, kita n'yo, hindi noon; kundi, "sa kaniyang kapanahunan," kita ninyo, sa pagbubukas ng Tatak na iyan. Malalaman natin nang tamang-tama kung ano iyon. Sino ang taong ito ng kasamaan? Sino ang taong ito ng kasalanan, ang lalaking ito na nagsasagawa ng kasamaan? "Ngunit siya'y mahahayag sa kaniyang kapanahunan."

Sapagka't ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na (mga mandaraya, kita n'yo, dinaraya ang mga tao patungo sa isang bagay, kita n'yo): lamang siya (Dios) na pumipigil, hanggang sa siya (ang Iglesya, si Cristo, ang Nobya) ay alisin.

At kung gayo'y mahahayag ang Tampalasan, . . .

88 Sa pagbubukas ng Tatak, "sa kaniyang panahon." Sinabi ni Pablo, "Hindi sa panahon ko, kundi sa panahon kung kailan na siya'y mahahayag." Kita n'yo?

. . . na papatayin ng Panginoon ng hininga ng kaniyang bibig, . . .

89 Pupunta tayo riyang makaraan ang ilang sandali, "ang hininga ng kaniyang bibig." Abangan ninyo kung ano iyan.

. . . at sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay lilipulin;

Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa paggawa ni Satanas. . .

90 Siya, "siya," isang tao na ang paggawa ay ayon sa paggawa ni Satanas.

. . . na may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan,

At may buong daya ng kalikuan, dinadaya ang mga tao sa pamamagitan ng kalikuan; sa nangapapahamak (hindi ang Nobyang ito), sa kanila na humahanap ng gayong bagay, sapagka't hindi nila tinanggap ang pag-ibig ng katotohanan, . . .

91 At si Cristo ang Katotohanan, at si Cristo ang Salita; datapuwa't mas gugustuhin pa nilang magkaroon ng isang kredo. Huh! Kita n'yo?

. . . upang sila'y mangaligtas.

At dahil dito'y ipinadadala sa kanila ng Dios ang paggawa ng mga kamalian, upang magsipaniwala sila sa isang— isang kasinungalingan:

92 Iyan ay dapat na naisaling-wika roon, nang ako'y tumingin sa lexicon, “ang kasinungalingan,” hindi “isang kasinungalingan.” “Ang kasinungalingan,” ang gayon ding sinabi niya kay Eva.

Upang sila . . . ay mangahatulan na hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan.

93 Anong pahayag! Naku! Matapos na ang Nobya ay maagaw, ay saka ihahayag ng taong ito ng kasalanan ang kaniyang sarili.

94 Siya, ang tunay na Nobya ni Cristo, ay pinili mula sa bawat kapanahunan ng iglesya.

95 Ngayon, noong isang araw ako ay nagbigay ng isang pahayag, “Ang Nobya ay Makauwi at wala kang malalamang anuman tungkol dito.” Iya'y totoo.

96 Mayroong nagsabing, “Buweno, Kapatid na Branham, iyan ay magiging isang grupong napakaliit ang bilang.”

97 Sabi ni Jesus, “Kung paano sa mga araw ni Noe,” ngayon makipag-usap ka sa Kanya tungkol dito, kita n'yo, “kung saan walong kaluluwa ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig, gayun din naman sa Pagparito ng Anak ng tao.” Kung sila ay walong-daan na makakasama sa Pag-agaw ngayong gabi, wala kang maririnig na salita tungkol dito bukas, o sa susunod na araw, o anupamang oras. Sila'y mawawala at wala kang malalamang anuman tungkol dito. Kita n'yo, ito'y magiging katulad na bagay lamang.

98 Ano ang sinisikap kong sabihin? Hindi ko kayo tinatakot, pag-alalahanin kayo. Ako—nais ko na kayo'y alisto. Maging alisto handa, nagbabantay, bawat sandali. Tigilan ang walang kabuluhan. Magpatuloy lamang sa gawain ng Diyos, sapagka't ito ay mas malapit na kaysa sa inyong inaakala.

Ngayon, alalahanin ninyo, ang tunay na Nobya!

99 Ngayon, mayroong huwad na nobya. Nakuha natin iyan sa Apocalipsis 17. Sabi niya, “Ako'y isang balo, at hindi nangangailangan ng anu pa man,” kita n'yo, nakaupo sa ibabaw ng kulay pulang hayop na ito, at kung anu-ano pa, ang hayop.

100 Ngayon, ngunit ang tunay na Nobya ay bubuuin ng libo't makasanglibong ulit ng mga tao, ngunit ito ay magiging ang mga Hinirang mula sa bawat ng kapanahunan ng iglesya. Sa tuwing

may isang mensaheng lababas, at pinaniwalaan ito ng mga tao at tinanggap iyan sa lahat ng Liwanag na naroon, kapag sila'y natatakan na hanggang sa Araw na iyan ng Katubusan.

101 Hindi ba nagturo si Jesus ng katulad na bagay, nang sabihin Niyang, “Ang—ang tunog ay dumating sa—sa ikapitong pagbabantay”? Iyan ang huling kapanahunan ng iglesya. Kita n'yo? At sabi, “Narito, ang Kasintahang Lalaki ay dumarating; lumabas at salubungin Siya.”

102 At pagkatapos dumating ang nangatutulog na dalaga, kinuskos ang kaniyang mga mata, at nagsabing, “Maaaring ako ay kailangang magkaroon ng kaunti sa Langis na 'yan, rin, marahil kayo'y dapat magkaroon ng kaunti.”

103 At ang totoong, tunay na Nobya na nakatindig roon, ay nagsabing, “Mayroon lamang kaming sapat para sa aming sarili. Uh—huh. Mayroon lamang kaming sapat upang makapasok, sa aming sarili. Hindi namin kayo maaring bigyan ng kahit anumang. Kung nais n'yo ng kaunti, pumarooon kayo't manalangin.”

104 At habang siya'y wala, dumating ang Kasintahang Lalaki, at pumasok sa loob ang Nobya. At pagkatapos sila na natira roon, ang mga iyon na talagang ganap ngang mabuti, ang iglesya, ay naiwan sa labas. At sabi Niya, “Magkakaroon nang pag-iyak, at pagtangis, at pagngangalit ng mga ngipin.”

105 Kita n'yo, ngayon, iyan ay ang Hinirang. At nang ang tunog ay dumating, “Ang Kasintahang Lalaki ay dumarating,” pagkatapos bawa't isa sa mga iyon na nangatutulog sa loob mga kapanahunang yaon, ay nagising, bawat isa. Kita n'yo, hindi iyan ang Diyos, tulad ng iisipin natin, na hahanap lamang Siya ng ilang libong tao sa kapanahunang ito at kukunin sila. Ito'y ang mga pinaka Hirang mula sa bawat kapanahunan. At iyan ang dahilan kung bakit kailangang manatili si Cristo sa luklukan ng pamamagitan mula rito, bilang isang Tagapamagitan, hanggang sa pumasok ang huling iyan sa huling kapanahunan. At ang mga kapahayagang ito pagkatapos, kung ano ito noon, ay nahayag sa mga tao, at nakita nila kung anong naganap. Kita n'yo? Nakuha n'yo na ba ito ngayon? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

106 Pansinin, “Ang nalabi sa mga patay,” mga miyembro ng iglesya, “hindi nabuhay muli hanggang sa makalipas ang sanlibong taon.” Ang mga miyembro ng iglesya, ang—ang mga Cristiano, ang iglesya, hindi mangabubuhay na muli hanggang sa pagtatapos ng libong taon. At pagkatapos sila'y nagsilabas upang tumindig sa harap ng Nobya, iya'y tama, tumindig sa harap ng Hari at ng Reyna. Luwalhati!

Ang ibang iglesya ngayo'y tinatawag ang kaniyang sariling, “Ang Reyna ng Kalangitan.”

107 Ang Reyna ng Kalangitan ay ang pinili na Nobya ni Cristo, at Siya'y darating na kasama Niya. Nakita ito ni Daniel, at sinabi, "Makasampung libo na sampung libo ang nangaglilingkod sa Kaniya." Ngayon kung inyong titingnan ang Kasulatan roon, sa Daniel, "ang paghuhukom ay natakda, at ang mga aklat ay nangabuksan na." Ngayon tandaan, kapag Siya'y dumarating, paririto Siyang kasama ang Kaniyang Nobya. Ang asawang babae ay naglilingkod sa kaniyang asawang lalaki. "At makasampung libo na sampung libo ang naglilingkod sa Kaniya. Ang Paghuhukom ay nakatakda na, at ang mga aklat ay nangabuksan." "At panibagong aklat ang nabuksan, na siyang aklat ng Buhay," hindi ang Nobya, sa anumang paraan kung ganon. Siya ay tapos ng umakyat at muling nagbalik, at nakatayo roon sa paghuhukom sa mga salinlahing yaon na tumanggi sa Ebanghelyong Mensahe.

108 Hindi ba sinabi ni Jesus? "Ang reyna ng Katimugan ay babangon na kasama ng lahing ito sa kanyang mga kaarawan, sa Paghuhukom, at hahatulan ang yaong lahing ito; sapagka't siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa, upang pakinggan ang karunungan ni Solomon, at isang lalong dakila kay Solomon ay naririto." Doon ay nakatayo ang—ang paghuhukom, ang reyna ng—ng Sheba, ng timog, nakatayo roon sa Paghuhukom, at ang kaniyang sariling patotoo.

109 Wala ni isa mang Hudyo ang lumitaw sa salinlahing iyan ng mga Hudyo. At sila ay mga bulag, at hindi Siya nakita. Sapagka't, sila'y naghahanap sa Kaniya, ngunit Siya ay dumating na napakasimple na nalampasan nila ito, nang ganoon.

110 At, doon, ang dakilang reynang iyon ay ipinakumbaba ang kaniyang sarili, at lumapit, at tinanggap ang mensahe. "At siya'y tatayo sa Paghuhukom," sabi Niya, "at hahatulan ang lahing iyon."

111 Ngayon nakikita n'yo ang tatlong uri, palagi. Ang aklat, ang mga patay ay hinatulan; isa pang aklat, ang aklat ng Buhay, sila na naroroon ang kanilang mga pangalan sa aklat ng Buhay.

112 Sabi nila, "Kung ang iyong pangalan ay nasa aklat ng Buhay, ito'y mabuti, uh?" Hindi, ginoo!

113 Tingnan, si Judas Iscariote, naroon ang kanyang pangalan sa aklat ng Buhay. Ngayon sabihing iya'y mali? Si Jesus, sa Mateo 10, ay binigyan sila ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo, at isinugo sila upang pagalingin ang mga may sakit, at upang linisin ang mga may ketong, at buhayin ang mga patay. At sila ay nagsilabas, at nagsibalik, kasama mismo nila si Judas. At sila'y nagsipagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng lahat ng uri ng kababalaghan. At nagsibalik, at nagsipagsabi, "Maging ang mga demonyo ay nagsisisuko sa amin."

114 Sabi ni Jesus, “Huwag ikagalak na ang mga demonyo’y nagsisisuko sa inyo, kundi mangagalak sapagka’t ang inyong mga pangalan ay nangakasulat sa Langit.” At si Judas ay kasama nila. Subalit anong nangyari? Nang bumaba ito sa Hinirang pangkat, upang pumaroon sa Pentekostes at tunay na tanggapin ang Banal na Espiritu, ipinakita ni Judas ang mga kulay niya. Siya’y mapaparoon sa Paghuhukom.

115 Kaya ang mga aklat ay nangabuksan; at isang aklat, ang Buhay, ay nabuksan; at ang bawat tao ay nahatulan na gayon. Ngayon, ang Nobya ay nakatayo roong kasama si Cristo, upang hatulan ang sanlibutan. Hindi ba ang. . .Sabi ni Pablo, “Mapangahas kayo,” nangungusap sa Nobya, “sa pagkakaroon ng anumang uri ng hinanakit laban sa isa’t-isa, na kayo’y nagtungo sa ’di—makatuwirang batas. Hindi n’yo ba nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanlibutan?” Kita n’yo? Hayan ka nga. Ang mga banal ay hahatol sa mundo at mamamahala nito. Iya’y tama.

116 Sabihing, “Paano magaganap sa isang maliit na pangkat ang tulad niyan?” Hindi ko alam kung paano iyan magagawa. Ngunit sinabi Niyang iya’y magagawa, kaya lamang ang mag-ayos nito, sa abot ng nalalaman ko.

117 Ngayo’y tingnan. Ngayon pansinin. “Ang mga nalabi sa mga patay,” ang mga miyembro ng iglesya, patay na mga miyembro ng iglesya, “hindi nangabuhay muli hanggang sanglibong taon.” At pagkatapos sa ikasanglibong taon, sila’y tinipon; panibagong pagkabuhay na muli ang dumating, na siyang ikalawang pagkabuhay na muli, at sila ay tinipon. At si Cristo at ang Iglesya, ang Nobya, hindi ang iglesya; ang Nobya, si Cristo at ang Reyna, hindi ang iglesya. Igles. . .si Cristo at ang Nobya ay nakatayo roon.

118 At sila’y pinaghiwalay, tulad ng mga tupa mula sa mga kambing. Iya’y tama. Doon haharap ang mga miyembro ng iglesya. At kung narinig nila ang Katotohanan at tinanggihan ang Katotohanan, kung gayon ano ang masasabi kapag ang malaking bagay ay mailatag sa ibayo ng kanbas, kapag kahit ang iyong sariling kaisipan ay nandoroon, kung ano ang inisip mo tungkol Dito? Paano mo ito matatakan, at ito’y naroon mismo sa kanbas ng kalangitan, at ang malaking telebisyon ng Diyos doon. Iyon ay ang inyong sariling kaisipang naghihimagsik. Ang inyong sariling kaisipan ay magsasalita laban sa iyo sa oras na ’yan.

119 Kaya kung ikaw ay nagsalita ng isang bagay, at nag-isip ng iba, mas makabubuting itigil mo iyan. Ibaling mo ang iyong kaisipan sa Diyos. Panatilihing dalisay ang mga iyon, at manatili mismo roon kasama iyan, at mangusap ng ganon ding bagay sa lahat ng oras. Kita n’yo? Huwag sabihing, “Buweno, sasabihin

kong ako'y maniniwala Roon, ngunit ako'y lalabas at aalamin." Paniwalaan mo Ito! Amen.

¹²⁰ Pansinin, ang ganitong mga tipo, ang kadahilanan kung bakit sila ay namatay, sila ay nagdaan sa paglilinis ng pagsubok ng Kapighatian sapagka't sila'y hindi pa talagang napasailalim sa Dugo. Inaangkin nilang sila nga, ngunit sila'y hindi. Paano sila makadaraan sa pagsubok, upang dalisayin sila, kapag mayroon nang kapag kinuha na nang (pampaputi) Dugo ni Jesus Cristo ang lahat ng sintomas ng kasalanan at alisin mula sa inyo? "At ikaw ay patay na, at ang iyong buhay ay naitago sa Kaniya, sa pamamagitan ng Diyos, at natatakan doon sa pamamagitan ng Espiritu Santo." Sa ano ka pa nga ba hahatulan? Saan mo kukunin ang iyong kadalisan? Anong mayroon ka na upang dalisayin, samantalang ika'y sakdal na kay Cristo, walang kasalanan? Paano. . . Para saan pa ang kahatulan? Ngunit ito'y ang mga nangatatutulong na lipon, iyan silang mga taong hindi makaganap.

¹²¹ Ngayon, hindi nila nagawa iyan sa loob ng mga taon, kita n'yo, datapuwa't ito ang oras ng kapahayagan, kita n'yo, kita n'yo, sadyang naihayag lamang sa pagdating ng Nobya; ang dulo ng pagwawakas, ang huling mga bagay ay magsisidating. Ito ay paparating na sa katapusan, kaibigan, ako ay naniniwala. Kailan? Hindi ko alam. Ako—hindi ko masasabi sa inyo. Ngunit kahit ano. . . nais kong mabuhay ngayong gabi na para bang iyan ay ngayong gabi na, ako'y magiging handa. Kita n'yo? Maaring dumating siya ngayong gabi, gayun pa man, at maari din Siyang hindi dumating sa loob ng dalawampung taon. Hindi ko alam kung kailan Siya darating. Ngunit kahit kailan man iyan, . . . At ang buhay ko ay maaring matapos na, ngayong gabi; at, pagkatapos, anuman ang nagawa ko rito, ito'y tapos sa oras na iyan. Ako—ako'y paroroon upang salubungin Siya sa paghuhukom, sa paraan na ako'y bumaba rito. "Saan man na ang puno ay nakahilig, gayon 'din ang gawi na iyon ay nabubuwal."

¹²² Tandaan, nang sila'y tumungo upang bumili ng Langis, sila'y. . . "Naku", sasabihin n'yo, "ngayon sandali lamang, Kapatid na Branham. Hindi ko alam ang tungkol diyan." Nang sila'y tumungo upang bumili ng Langis, nang sila ay bumalik, ang Nobya ay wala na at ang pinto ay sarado na. At sila'y kumatok, at nagsipagsabing, "Papasukin kami! Papasukin kami!" [Kumatok si Kapatid na Branham ng ilang beses sa pulpito—Pat.] Ngunit sila'y nasa labas sa lubos na kadiliman.

¹²³ Ngayon, kung nais ninyo ng tipo niyan, ngayon ay tingnan. "Sa mga araw ni Noe", sabi ni Jesus, tumutukoy roon. Ngayon, sa panahon ni Noe, sila ay pumasok sa arka. Ngunit sila ay nadala sa. . . noong panahon ng paghuhukom, ngunit iyan ay—iyan ay hindi tumitipo sa Nobya ni Cristo.

124 Si Enoc ang tumipo sa Nobya. Si Enoc! Si Noe ay tumungo roon, sa pamamagitan ng Nobya. . . tumungo roon, sa pamamagitan ng panahon ng kapighatian, at naghirap, at naging isang lasenggo, at namatay. Ngunit si Enoc ay lumakad sa harap ng Diyos, sa loob ng limang-daang taon, at mayroong isang patotoo, “nagbigay lugod siya sa Diyos,” ng pananampalatayang makapag-aagaw; at sadyang nagpasimulang lumakad palabas, at nagtungo paitaas doon sa kalangitan, at umuwi sa Tahanan ng hindi man lamang nakaranas ng kamatayan; hindi kailanman namatay, sa anumang paraan.

125 Iyan ay isang tipo ng, “Tayo na nangabubuhay at nangatitira, ay hindi mangauuna, o mapipigil, ang mga gayong tipo ng mga tao na nangatutulog,” na nangatutulog na ayon sa kapanahunang pantao, sa—sa kalalagayan ng kapanahunang pantao. Sila’y nangamatay roon, ngunit sila’y hindi mga patay. Sila ay natutulog. Amen. Sila ay nangatutulog, hindi patay. At ang tanging bagay lamang na kailangan nito ay gisingin sila ng Kasintahang Lalaki. Oo. “At tayo na nangabubuhay at natitira, ay hindi mangauuna roon sa mga nangatutulog na. Sapagka’t ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; pagkatapos tayo na nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, at sasalubungin natin ang Panginoon sa hangin.”

126 “At ang iba sa mga patay ay hindi nangabuhay sa loob ng isang libong taon.” Hayan ka nga, sila ay tumungo sa kapanahunan ng Kapighatian.

127 Ano iyon? Tulad ni Enoc. Alam n’yo, binantayan ni Noe si Enoc. Sapagka’t, nang si Enoc ay napag-alamang nawawala, batid niyang ang paghuhukom ay nalalapit na. Siya’y nanatili sa palibot-libot ng arka.

128 Ngunit si Noe ay hindi tumungo paitaas. Iniangat lamang niya ang isang maliit na bagay, at naglayag patungo sa mga kapighatian. Siya ay nadala tuloy-tuloy sa kapanahunan ng kapighatian, upang mamatay sa kamatayan. Kita n’yo? Ngunit si Noe ay tuluyang nadala.

129 Si Enoc ay nailipat, na walang kamatayan, isang tipo ng Iglesya na inagaw pataas na kasama yaong mga nangatutulog, upang salubungin ang Panginoon sa hangin, at ang iba sa iglesya ay nadala patungo roon sa panahon ng Kapighatian. Walang magagawang anu pa mang bagay mula roon, sa sarili ko. Si Enoc, naagaw, walang kamatayan.

130 Ngayon magpasimula tayong mag-aral ng kaunti ngayon, pumunta sa ating paksa. Mananatili lamang riyon, hindi tayo makararating sa mga ito, itong Tatak. Ngayon pansinin. Kunin natin ngayon, sapagka’t tayo ay magkakaroon ng, kasama, marahil bukas ng gabi o sa susunod na gabi, talakayin ang isang Trumpeta, paminsan-minsan, sapagka’t ang Trumpeta ay

tumunog sa gayon ding panahon ng mga Tatak. Ito'y gayunding bagay lamang. Ang kapanahunan ng iglesya ay bumukas, ang . . . sadyang parehong bagay lamang. Kita n'yo?

¹³¹ Ngayon, ang isang trumpeta ay laging nangangahulugan ng digmaan o, iba pa, pulitikal na kaguluhan. Ang trumpeta ay gumagawa ng pulitikal na kaguluhan, at iyan ay nagiging sanhi ng digmaan. Kapag ikaw ay nakipag-kagulo sa pulitika, at gawin silang lahat na magulong-magulo, tulad ng mayroon tayo ngayon, tingnan n'yo, ang digmaan ay nalalapit. Ngunit, kita n'yo, ang kaharian ay pag-aari pa rin ni Satanas. Nasa kaniyang kamay pa rin ang bahaging ito.

¹³² Sapagka't bakit? Iyan ay natubos ni Cristo, ngunit Kaniyang ginagawa ang bahagi ng Kamag-anak na Manunubos, kinukuha ang Kaniyang nasasakupan, hanggang sa ang kahuli-hulihang isa (pangalan) ay mailagay sa Aklat na iyon, at matanggap na Iyon at matatakan nang lubusan. Ngayon nakuha n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

¹³³ Pagkatapos Siya'y lumapit mula sa Kaniyang Trono, sa Trono ng Kanyang Ama, lumakad pasulong, kinuha ang Aklat mula sa kamay ng Diyos, mula sa Trono, at inangkin ang Kaniyang karapatan. Ang unang bagay na Kaniyang ginawa ay tumawag para sa Kaniyang Nobya. Amen! Pagkatapos ano ang Kaniyang kinuha? Kinuha Niya ang Kaniyang katunggali, si Satanas, at ginapos siya, at itinapon siya patungo sa apoy roon, kasama ang lahat nang sa kaniya ay nagsisunod.

¹³⁴ Ngayon, tandaan, hindi iyan Russia. Hindi. Ang anti-cristo ay kalugod-lugod na tao. Tingnan lamang kung gaano siya kalugod-lugod. Siya ay matalino, ngayon. Oo, ginoo. Sadyang kakailangan ang Banal na Espiritu; ang tanging bagay na makagagapi sa kanya.

¹³⁵ Pansinin, ang mga Trumpeta ay nangangahulugan ng pulitikal na kaguluhan, mga digmaan. Mateo 24, si Jesus ay nangusap tungkol doon. Sinabi Niya, "Kayo'y makaririnig ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan, kita n'yo, hanggang sa pagpapatuloy." Maalala n'yo ang . . . si Jesus na nangungusap nang, "Mga digmaan, mga alingawngaw at mga digmaan, at mga alingawngaw at mga digmaan, at patuloy pababa hanggang sa katapusan." Ngayon, iyan ang pagtunog ng mga Trumpeta.

¹³⁶ Ngayon, kapag tayo'y dumako na sa mga Trumpeta, tayo ay babalik doon at kukunin ang bawat isa sa mga digmaang iyon, at ipapakita sa inyo na sila ay sumusunod sa kanila na mga iglesya, ipapakita sa inyo na sila ay sumusunod sa mga Tatak na ito. "Mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan." Ngunit, ang Trumpeta, ay nangangahulugan ng pulitikal na kaguluhan.

¹³⁷ Samantala, ang mga Tatak ay may kinalaman sa mga pangrelihiyong kaguluhan. Kita nyo? Ang isang Tatak ay

nabuksan, isang Mensahe ay dumating. At pagkatapos ang iglesya ay palaging nakaayos sa kaniyang sariling mga pamamaraang pampulitika, at kung anu-ano pa, at lahat ng mga kapita-pitagan nito. At kapag ang tunay na Mensaheng iyan ang bumaba, ang mensaherong iyan ay yayaon at pagsasabihan nila sila ng husto. Iya'y tama. Ito'y isang pangrelihiyong kaguluhan kapag ang isang Tatak ay nabuksan. Iyan ang naganap. Oo. Oo.

¹³⁸ Silang lahat ay nagpahingalag sa Zion. Ang iglesya ay panatag sa lahat, at, "Nagawa na nating lahat ito." Tulad na lamang ng iglesya ng Englatera, sila ay panatag sanang lahat. Ang iglesya Katolika, panatag sa lahat, at solong dumating si Luther. Nagkaroon ng isang pangrelihiyong kaguluhan. Oo, ginoo! Tiyak nga! Buweno, ang iglesya ay nagpatuloy, mula kay Zwingli. At mula kay Zwingli, ay nagpatuloy sa iba-iba pa, at kay Calvin. At pagkatapos ng ilang panahon, ang iglesya ng Anglikano ay napanatag, at iyon ay nagpahingalay lamang, at sumunod dumating si Wesley. Nagkaroon ng isang pangrelihiyong kaguluhan. Iya'y tama. Kita n'yo, palagi itong nangangahulugan ng isang pangrelihiyong kaguluhan.

¹³⁹ Ngayon, ang Tatak. Basahin lamang natin Ito ng kaunti pa ngayon. Nais ko na—na makuha ito, atin lamang Itong babasahin. Ako'y nagsimula sa pagsasalita. Ako. . .

At aking nakita nang buksan ng Cordero ang isa sa mga tatak, (anong naganap?) at aking narinig, na iyon ay gaya ng tunog ng isang kulog, . . .

¹⁴⁰ Oh, nais kong manatili riyang ng mga ilang minuto lamang! At inaasam ko ngayon na ang lahat ng mga tao na nakakaalam ang mga bagay na ito at nangaghihintay para sa pagbibigay-aliw ng Panginoon, ay magsisipag-aral ngayon ng talagang mabuti; at sa mga teyp, gayun din, na inyo itong pag-iisipan.

¹⁴¹ Ang unang bagay na naganap, nang buksan ng Cordero iyang Unang Tatak, isang Kulog ang umugong. Ngayon, Iya'y mayroong isang kahulugan. Ito'y mayroong. . . Ito'y mahalaga. Ito'y mayroong kahulugan. Ito'y mayroong isang kahulugan. Walang nagaganap na walang kahulugan. Tama, isang Kulog, isang Kulog ang umugong. Nakapagtataka kung ano nga kaya ang Kulog na iyan?

¹⁴² Ngayon tayo'y bumasa ng kaunti pa. Tayo'y dumako sa Mateo. . . Hindi, kunin natin ang San Juan, muna. Sa San Juan, ika-12 kabanata, at hawakan lamang ninyo iyan sandali. San Juan, sa ika-12 kabanata. At ngayon tayo ay magpasimula sa ika-23 talata ng ika-12 ng San Juan. Ngayon makinig dito, ngayon, nang mabuti, pagkatapos ay hindi n'yo na kailangan pang pagtaktan kung ano ito.

At sinagot sila ni Jesus, na nagsasabi, Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatian.

143 Kita n'yo, kayo ay nasa katapusan na ng kapanahunan, diyan. Ang kaniyang ministryo ay magtatapos na. Kita n'yo? “Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin.”

144 Ano naman ang, “Dumating na ang oras na ang Kaniyang Nobya ay kailangan nang agawin palayo”? Ano? Dumating na ang oras, na, “Ang panahon ay mawawala na.” Ang Anghel ay handa nang itungtong ang isang paa sa lupa, at ang isa pa sa dagat, na may bahaghari sa itaas Niya, na may paa, at ang sabi, “Ang oras ay wala na.” At bukod pa riyan, Kaniyang itinaas ang Kaniyang kamay at nanumpa na “ang oras ay mawawala na,” kung ito ay naganap. Gaano—gaano kasakdal ito, isang sinumpaang apidabit sa Iglesia!

... Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin.

Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang mag-iisa: nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami.

Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito;... at ang napopoot sa kanyang buhay sa sanglibutang ito ay maingatan yaon sa buhay na walang hanggan.

Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon... naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama.

Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa;...

145 Sasabihin mo, “Buweno, Siya, dumarating sa katapusan, at mayroon kang kagulumihanan?” Ano ang nagagawa nitong ipaisip ninyo kapag may ilang mga dakilang espirituwal na bagay ang nagaganap, na ay nakapag-papagulo ba sa inyo? Oh, naku! Uh-huh!

Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa; at ano ang aking sasabihin? Ama, iligtas mo ako sa oras na ito: ngunit dahil dito ay naparito ako sa sanlibutang ito, sa oras na ito.

Ama, luwalhatiin mo ang iyong pangalan. Dumating nga ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Niluwalhati ko na, at muli kong luluwalhatiin.

Ang sabi ng mga tao, na nakarinig nito sila'y nagsipagsabing... kumulog:...

146 Pagkatapos, nang kunin ng Cordero ang Aklat at binuksan ang Unang Tatak, ang Diyos ay nangusap mula sa Kaniyang Walang Hanggang Trono, upang sabihin kung ano ang Tatak na iyan, na mahahayag. Ngunit ng Ito ay mailagay sa harapan ni

Juan, Iyan ay nasa isang simbolo. Nang makita Ito ni Juan, Ito ay nananatili pa ring isang hiwaga ito. Bakit? Hindi man lang ito nahayag mismo roon. Hindi iyan maihahayag hanggang sa sinabi Niya ritong, “sa huling kapanahunan.” Ngunit iyan ay dumating na isang simbolo.

¹⁴⁷ Kapag, ang “kumulog.” Tandaan, ang isang malakas na dumadagundong na ingay ng isang Kulog ay isang Tinig ng Diyos. Iyan ang sinasabi ng Biblia, kita n’yo, “isang dagundong ng Kulog.” Kanilang inakala na iyan ay kulog, ngunit Iyan ay Diyos. Naunawaan niya Iyan, sapagka’t Iyan ay nahayag sa Kanya. Kita n’yo? Iyan ay isang Kulog.

¹⁴⁸ At, pansinin, ang Unang Tatak ay nabuksan na. Ang Unang Tatak, nang Iyan ay nabuksan sa anyong simbolo, kumulog. Ngayon paano naman kapag Iyan ay nabuksan sa Kanyang tunay na anyo Nito? Kumulog kaagad nang alisin ng Cordero ang Tatak. At ano ang inihayag Nito? Hindi lahat ng Sarili nito. Una, Iyan ay kasama ng Diyos; sumunod, iyan ay nasa anyong sagisag; pagkatapos, iyan ay nahayag. Tatlong bagay. Kita n’yo? Iyan ay lumalabas mula sa Trono.

¹⁴⁹ Una, hindi iyan makita, marinig, o anuman. Iyan ay natatakan. Ang Dugo ng Cordero ang nagbayad ng halaga.

¹⁵⁰ Kumulog iyan nang ipangusap Niya Iyan. At nang Kaniyang ginawa, ang isang mangangabayo ng maputing kabayo ay nagpasimulang lumabas, at Iyan ay isa pa ring simbolo. Ngayon bantayan, sinabi Niya na Iyan ay mahahayag sa huling araw. Ngunit Iyan ay dumating sa simbolo ng iglesya. Naunawaan n’yo ba iyan, iglesya? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Iyan ay dumating sa—sa isang simbolo ng isang iglesya, na nalalaman nila na mayroong isang Tatak. Ngunit kung ano Ito, gayun pa ma’y, hindi nila alam, sapagka’t Ito ay isang mangangabayo ng maputing kabayo.

¹⁵¹ At mahahayag lamang sa huling araw, kapag ang aktuwal na Tatak na ito ay mabuksan. Mabuksan kanino? Hindi kay Cristo, kundi sa Iglesya. Pansinin, ngayon. Oh, naku, iya’y sadyang nakapagpapanginig sa akin! Ako—ako—ako’y umaasa na totoong nauunawaan Iyan ng Iglesya, ang ibig kong sabihin, kayong mga tao. Tatawagin ko kayong Nobya, kita n’yo, upang maunawaan N’yo Iyan.

¹⁵² Ang Tinig ay isang Kulog. Saan nanggaling ang Tinig? Mula sa Trono kung saan aalis pa lamang ng Cordero, bilang Tagapamagitan. Ngayon Siya’y nakatayo rito upang kunin ang Kaniyang posisyon at ang Kanyang mga pag-aari. Ngunit ang Kulog ay nagmula sa loob ng Trono, kumulog palabas. At ang Cordero ay nakatayo sa labas. Ang Kulog, kung saan umalis ang Cordero. Iniwan ang Trono ng Ama, upang pumunta at kunin ang Kaniyang Sariling Trono. Luwalhati! Ngayon, ngayon huwag ninyong lagpasan iyan, mga kaibigan.

153 Alam nating lahat, bilang mga Cristiano, na nanumpa ang Diyos kay David na bubuhayin Niya si Cristo upang maupo sa kaniyang Trono, at bibigyan Siya ng isang walang hanggang kaharian dito sa lupa. Ginawa Niya ito.

154 At sabi ni Jesus, “Siya na mapagtagumpayanan ang anti-cristo at lahat ng bagay ng sanlibutan, ay mauupong kasama Ko sa Aking Trono, ko gaya naman na tagumpay at umupo sa Trono nang Aking Ama.” Kita n’yo?

155 Ngayon, balang araw Siya’y tatayo mula sa Trono ng Ama, at tutungo upang kunin ang Kaniyang Sariling Trono.

156 Ngayon Siya’y lumabas upang tawagin ang Kaniyang mga nasasakupan. Paano Niya sila aariin? Nakuha na Niya ang Aklat ng Katubusan sa Kaniyang kamay. Luwalhati! Oh, tila nais kong umawit ng isang himno.

Malapit nang kunin ng Cordero ang Kanyang
Nobyang upang magpasawalang-hangga’y
mapasa Kanyang tabi,
Lahat ng hukbo ng Kalangitan ay
mangagkakatipon, (upang panoorin iyan);
Oh, ito’y magiging dakilang pangitain, lahat
ng mga banal sa walang-bahid-na kaputian;
At kasama si Jesus tayo’y magpipista
Mapasawalang-hanggan.

157 Oh, naku! Pag-usapan ang tungkol sa “pag-upo sa mga Makalangit na dako”? Magiging ano yaon! Kung madarama natin ang ganitong paraan, nakaupo rito sa lupa, bago dumating ang Pag-agaw, sa ganitong kondisyon na kinaroroonan natin ngayon; at tayo’y makapagsasaya, at tumayo sa palibot ng mga dingding, at tumayo sa ulan, upang marinig lamang Ito; magiging ano kaya iyon kapag nakita natin Siyang nauupo roon! Oh, naku! Oh, iyon ay magiging isang maluwalhating oras.

158 Iniwanan ang Trono ng Ama, dumating para sa . . . Kaniyang Anak, upang maging ang . . . Siya ang Anak ni David. Iyon ang iniisip ng Israel na Kaniyang gagawin noon. Alalahanin n’yo ang babaeng Sirofenisa, sabi, “Ikaw na Anak ni David!” Alalahanin ang bulag na si Bartimaeus, “Ikaw na Anak ni David!” Uh-huh! At si Jesus, na nalalaman kung ano ang plano, subali’t hindi nila nalalaman iyon. Sila’y nagpumilit na puwersahin Siya at pilitin Siyang kunin ang trono. At maging si Pilato ay tinanong Siya.

159 Ngunit sabi Niya, “Kung ang Aking kaharian ay sa mundong ito, kung gayo’y lalaban ang Aking mga nasasakupan. Ang Aking kaharian ay nasa Itaas.” Ngunit sabi Niya, “Kapag kayo ay dumalangin, manalangin, ‘mapasaamin ang Kaharian Mo. Sundin ang loob mo rito sa lupa, gaya ng sa Langit,’” Amen. Uh-huh! Gaano kaluwalhati ang dakilang bagay na ito!

160 Iniwan ang Trono ng Ama, upang kunin ang Kaniyang Sariling Trono. Siya ngayon ay lumabas mula sa Kaniyang

gawaing pamamagitan, upang angkinin ang Kaniyang Sariling Trono, ang Kaniyang mga tinubos na nasasakupan. Iyon ang kadahilanan nang Kaniyang paglabas mula sa Trono upang gawin. At pagkatapos doon ang tila-leon na Nilalang roon ay nagsabi kay Juan, “Halika, tingnan.” Masdan. Binabasa n’yo ba iyon?

. . . isa sa mga tatak, at ito’y . . . na tila ito’y ingay ng kulog, at isa sa mga apat na hayop . . .

¹⁶¹ Alam ninyo kung ano ang mga Hayop. Atin silang nakuha. “Isa’y tulad ng leon; isa’y tulad ng bisiro; at isa’y tulad ng tao; at isa’y tulad ng agila.” Ngayon, itong unang Hayop na ito ay nagsabing. . . Tingnan, sa bawat pagkakataon ay mayroong ibang Hayop, hanggang yaong apat na mangangabayo ay makalipas. Mayroong apat na mga Hayop, at mayroong apat na mangangabayo.

¹⁶² Pansinin, ang bawat isa sa kanilang mga Hayop ay nag-anunsiyo. Mateo, Marcos—Marcos, Lucas, at Juan. Tayo’y muling babalik at patutunayan kung alin ang, Mateo, Marcos, alin ang Marcos—Marcos, kung alin si Juan, alin ang bawat isa habang sila’y tumutungo! . . . ? . . .

. . . isa sa mga . . . hayop ay nagsabing, Halika . . . tingnan.

¹⁶³ Kaniyang narinig ang isang ingay ng kulog. At isa sa mga Hayop ay nagsabing, “Ngayon halika, tingnan.”

¹⁶⁴ Sa ibang salita, ngayon, *narito* nakatayo ang Cordero, at si Juan ay nakatayo roon at pinanonood na iyon ay maganap. Ang Cordero ay tumayo mula sa Trono, na tila Siya’y pinaslang, ang Dugo ay nasa kabuuan Niya. Siya ang tanging Isang natagpuang karapat-dapat. At nang Siya’y umabôt at kinuha ang Aklat, pagkatapos ang lahat ay nagpasimulang, magsigawan, at maghiyawan, at magsipagsaya, kita n’yo, sapagka’t kanilang nalalaman na ang katubusan ay binayaran na.

¹⁶⁵ Ngayon Siya’y dumating upang kunin ang Sariling Kaniya. Kaya, Kaniyang kinuha ang Aklat, at tumayo roon sa harapan ni Juan, at Kanya hinila pabalik at binuksan ang Tatak. Hinila ang Tatak pababa! At nang Kaniyang hilahin ang Tatak pababa, ang Kulog ay dumagundong sa buong dako. At nang dumagundong Kulog, walang pagdududang maaaring napatalon si Juan sa hangin, nang dumagundong ang Kulog.

¹⁶⁶ At pagkatapos ang isa sa apat na mga Hayop ay nagsabi, “Ngayon halika, tingnan mo kung ano Iyon, kung anong nahayag sa ilalim dito.” Oh, naku! “Juan, isulat mo ang iyong nakita.” Kaya lumapit si Juan upang tumingin, tingnan kung ano Iyon. Lumapit si Juan upang tingnan kung ano ang sinabi ng Kulog. At doon ay sinabi ng Nilalang na ito kay Juan, “Halika, tingnan kung ano ang hiwaga sa ilalim ng Unang Tatak.” [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng apat na beses—Pat.] Ang

Kulog, ang Tinig ng Manglilikha ang bumigkas Niyon. Ngayon, kailangan Niyang mabatid kung anong Naroon. Kita n'yo? Oh, naku! Ngunit, isipin ngayon, isinulat niya Ito.

¹⁶⁷ Ngunit nang pasimulan niyang isulat ang mga iba roon sa mga, Pitong Kulog, sinabi Niya, “Huwag mong isulat Iyon.” Siya ay naatasang isulat ang lahat ng bagay na kaniyang nakita. Ngunit nang ang Pitong Kulog na ito, doon sa Apocalipsis 10, ay bumigkas, sabi Niya, “Huwag mo na nga Silang isulat sa anumang paraan.” Sila ay mga hiwaga. Hindi pa natin nalalaman kung ano sila. Ngunit, sa opinyon ko, sila’y mahahayag din kaagad. At kapag iyon ay nangyari, iyon ay magbibigay ng pananampalataya para sa biyayang makapag-aagaw pag-agaw, para sa Iglesya iyon upang kumilos palabas. Kita n'yo?

¹⁶⁸ Kagagalaw pa lamang natin mula sa lahat ng bagay na nalalaman natin, sa lahat ng mga dispensasyon. Namasdan natin ang lahat ng bagay. At nakita ang mga hiwaga ng Diyos. Nakita natin ang paglitaw ng—ng dakilang pagsasama-samang pagkakatiapon ng Nobya sa mga huling araw. Ngunit, gayon pa man, mayroong ilang bagay Roon na hindi natin magagawang liwanagin sa ating sarili. Mayroong iba pang bagay.

¹⁶⁹ Ngunit naiisip kong, kapag ang mga hiwagang yaon ay dumating, sinabi ng Diyos, “Hawakan mo Iyon ngayon. Maghintay sandali. Ihahayag ko Iyon sa araw na iyon. Huwag mong isulat Iyon, huwag na, Juan, sapagka’t sila ay mahihirapan Doon. Hayaan—hayaan mo lamang iyon, kita n'yo. Datapuwa’t ihahayag Ko Iyon sa araw na yaon kapag kailangan nang gawin iyon.”

¹⁷⁰ Hindi sila nagsasalita para sa wala. Tandaan, tulad ng kaunting patak ng tinta, lahat ng bagay ay para sa layunin. Lahat ng bagay ay para sa kadahilanan. Ngunit, pansinin, ang Manglilikha’y nagsalita. At kanyang—narinig niya ang Tinig na ito, at siya’y lumapit upang tingnan.

¹⁷¹ Subali’t ngayon ay ipinakikita ng Cordero kay Juan, sa simbolo ng...ng isang—ng isang kasulatan ng iglesya, tulad ng, para mabatid ng iglesya. Kung anong isusulat, ipinakikita lamang Niya sa kaniya. Sinabing, “Ngayon, huwag—huwag mong sabihin ito, kundi kung ano lamang ito. Huwag kang bababa, Juan, at sabihin, ngayon, ito na nga kung ano ito, kung anong nasa ilalim ng Ikapitong Tatak na ito. Huwag, huwag kang bababa at sabihin iyan. Sapagka’t, kapag sinabi Ko kay Juan na, kung gayon ang lahat ng mga kapanahunan, ang buong plano ay mawawasak. Iyon ay lihim.” Kita n'yo? Nais lamang niyang...Ang Kaniyang Pagdating! sabi Niya, ngayon, “At walang makakaalam kung kailan ako darating. Basta’t Ako’y darating na lang.” Kita n'yo? Kita n'yo? Yun na ang lahat. Hindi

ko na katungkulang alamin kung kailan. Ako'y maghahanda lamang, kita n'yo. Kaya pagkatapos sabi niya . . .

Ngayon lumapit si Juan, kaniyang iniisip na,
 "Makikita ko na Iyon ngayon."

¹⁷² At anong ginawa niya, nang si Juan ay magtungo? Siya, ngayon, anong dapat niyang gawin? Ngayon kailangan niyang isulat ito sa kapanahunan ng iglesya. Iyon ang dapat niyang gawin, isulat iyon sa mga kapanahunan ng iglesya. "Isulat mo kung ano ang iyong nakita sa mga Pitong Ginintuang Kandilerong ito, sa umpisa. Sumulat ka sa iglesyang ito at sabihin sa kanila." Tama.

¹⁷³ At isang Kulog ay dumagundong. Alam ni Juan na iyon ang Tinig ng Diyos. At pagkatapos ang—ang tulad ng leong Nilalang ay nagsabi, "Halika, tingnan mo kung ano iyon." At si Juan ay yumaon ngayon, kasama ang kaniyang panulat, upang isulat kung ano ang kaniyang makikita.

¹⁷⁴ Ngayon, hindi niya nakita nang ganap kung ano iyon. Hindi niya iyon naunawaan. Ngunit ang kaniyang nakita ay 'yung ipinadadala ng Diyos sa iglesya para "sa kapanahunan." Ngayon nakuha Niyang . . . gagawin Niya; Palaging niyang ginagawa; Ginagawa niya itong malinaw kapag iyon ay panahon nang kailangang gawing malinaw. Ngunit hindi Niya 'yon niliwanag noon. Bakit? Sapagka't, pananatilihin Niyang lihim Iyon hanggang sa huling kapanahunan. At ang pagtunog ng Mensahe ng huling anghel ay upang tipunin ng mga hiwagang ito. Kita n'yo?

¹⁷⁵ Hindi iyon ginawang malinaw. Ngunit ang nakita ni Juan, kakikita pa lang niya, "Ang isang maputing kabayo ay lumabas, na may mangangabayo roon," kaya iyon ang kaniyang isinulat, kita n'yo, noong kaniyang ginawa.

Iyan ang sinabi niya, "Halika, tingnan."

¹⁷⁶ Kaya si Juan ay lumapit upang tingnan kung ano ang kaniyang makita, upang isulat sa iglesya. At nang kaniyang nagawa, nakita niya, "Isang maputing kabayo, at siya na nakaupo roon ay may isang busog; at siya'y pumarong nananakop, at para manakop; at mayroong ipinagkaloob sa kaniyang isang korona." At, ngayon, 'yun lang lahat ang nakita ni Juan, kaya isinulat lamang niya, isinulat lahat iyon. Ngayon, kita n'yo, 'yan ay nasa simbolo. 'Yun ang paraan na natanggap Iyon ng iglesya.

¹⁷⁷ Ngunit, kasama ang pangako, at sa huling araw Kaniyang ihahayag Iyon, ipinakikita kung ano Iyon. Diyos, tulungan kami upang maunawaan. Mga kapanahunan ng iglesya, ngunit hindi ganap na ipinaalam hanggang sa ikapitong Mensahe, ng huling kapanahunang ito ng iglesya. Pansinin, siya'y nagpasimulang . . .

178 Ang mensaherong ito ng ikapitong kapanahunan ng iglesya, kung mapapansin n'yo ito, hindi siya nagsimula ng isang denominasyon, tulad ng ginawa ng iba pa sa kanila. Tandaan, kung hindi siya nagpasimula. . .Hindi. Kung inyong matatagpuan, siya ay tutol doon. Si Elias ba ay, si Elias ba ay tutol doon? Tiyak, siya nga. Si Juan ba ay tutol doon, kasama ang Espiritu ni Elias?

179 Anong uri ba nang Espiritu mayroon si Elias sa kanya? Siya ay. . .Walang sinumang nakakaalam nang husto tungkol sa kanya. Siya'y sadyang tao lamang, ngunit siya'y isang propeta. Siya'y kinamuhian. Aba! At anong panahon siya nagsimula? Mismo sa panahon ng popularidad ng Israel, nang silang lahat ay naging makamundo. At nakuha niya iyon doon, at siya'y "napopoot sa mga kababaihan." Uh-huh. Oo, ginoo. Tiyak nga. At gustong-gusto niya ang ilang. Iyon ang kaniyang kalikasan.

180 Pagkatapos, dapat na malaman ng mga tao nang ang lalaking iyon ay dumating na mayroong kaparehong Espiritu sa kanya, lumabas doon, itong Juan. Hindi nararamtan tulad ng mga tanyag, tulad ng sinabi ko kagabi; kanilang hinagkan ang mga sanggol, at nangagpakasal at pinaglibing, at kung anu-ano pa. Ngunit ang lalaking ito ay dumating bilang lalaking taga-ilang. Ano siya? Kaniyang minamahal ang ilang. Ibang bagay ang kaniyang nagawa, kinamuhian niya ang denominasyon. Kaniyang sinabi, "Ngayon, hindi n'yo ba uumpisahang sabihin, 'Kami'y nabibilang *dito o doon,*' sapagka't sasabihin ko sa inyo, Magagawa ng Diyos na mula sa mga batong ito, na magbangon ng mga anak kay Abraham."

181 Hindi siya nakikipagkompromiso. Hindi nila magagawa. . . Sabi, "Nagtungo ba kayo upang makakita ng isang tambo na niyugyog ng hangin? Hindi si Juan." Hindi, ginoo.

182 Anong kaniyang ginawa, din? Parang tulad ni Elias na nagsabi kay Jezebel, kanyang sinabi kay Herodia. Lumakad diretso patungo sa harapan ni Herodes, at sinabing, "Hindi makatuwiran na mapasaiyo siya." Pinutol niya ang ulo niya, dahil doon. Kita n'yo? Pinilit niyang makuha si Eliseo. Yaong katulad na espiritung na kay Jezebel, nasa babaeng iyon.

183 At parehong bagay ang nasa iglesyang Jezebel ngayon, parehong bagay. Ngayon pansinin iyon. O anong dakilang aral ang natagpuan natin dito!

184 At, ngayon, tila ba ang mga taong iyon ay makaalam. Nagpasimula si Juan na pagalitan mga taong iyon, at tumayroon, na tila ba kanilang mapag-aalaman na iyon ay yaong Espiritu ni Eliseo. Napag-unawa dapat nila iyan. Iyan nga kung ano siya.

185 Ngayon, at natagpuan natin ngayon, at natagpuan sa mga kapanahunan ng iglesya, sang-ayon sa Kasulatan, na tayo ay pinangakuan na pagbabalikan ng Espiritung iyon, sadyang bago

ang pagtatapos ng panahon. Totoo ba 'yon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

¹⁸⁶ Ngayon, at pansinin, mapapansin ninyo ang kalikasan nito. Ngayon, hindi siya magsisimula ng panibagong kapanahunan ng iglesya, tulad ni Luther, at Wesley, at lahat ng iba pa sa kanila na nagpasimula nito. Hindi siya magsisimula ng panibagong iglesya, sapagka't wala nang mga kapanahunan ng iglesya na sisimulan. Kita n'yo? Hindi na magkakaroon pa. Kaya kailangan siyang maging laban dito, sapagka't ang kanyang Espiritu ay magiging sadyang tamang-tamang katulad nang sa kanila noon doon, ang gayun ding Espiritu.

¹⁸⁷ Tulad nang sinabi ko kagabi, iyon ay nakalugod sa Diyos na gamitin Iyon ng tatlong magkakaibang panahon. Iyan ang Kaniyang numero, tatlo, hindi dalawa; tatlo. Nagamit na Iyon nang makadalawang beses, ngayon gagamitin Niyang muli Iyon. Gayon ang Kaniyang sabi, ipinangako iyon. Ngayon, pansinin, s'ya . . .

¹⁸⁸ Pansinin ngayon, nang Kaniyang gawin. Hindi siya magpapasimula ng denominasyon, sapagka't ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea ay ang huling kapanahunan. At ang mensahero, ng ikapitong anghel, na siyang ikapitong mensahero, sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, ay ang tao na s'yang maghahayag, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, lahat ng mga mahihiwagang mga bagay na ito. Iyan ay magiging . . . Ilan ang narito kagabi? Tingnan natin ang inyong kamay. Palagay ko'y hindi ko na Ito kailangang basahin muli, kung gayon. Batid n'yo kung saan ito naroon, sa—sa ika-10 kabanata, kita n'yo. Tama. Tama.

¹⁸⁹ Ang mga repormador ay dumating upang ireporma ang huling nahulog na kapanahunan ng iglesya na nauna sa kanila. At pagkatapos, matapos na dumating ang mga repormador at ireporma ang—ang kapanahunan ng iglesya mula sa kung saan ito dati, at nanumbalik sa sanlibutan, pagkatapos sila'y nag-umpisa ng isang bagong kapanahunan ng iglesya. Lagi nila itong nagagawa, palagi. Ngayon, natalakay na natin iyon. Kita n'yo?

¹⁹⁰ Sa ibang mga salita, *dito* nagkaroon ng kapanahunan ng isang iglesya Katolika, ng Romano Katolikong iglesya. Dumating si Luther, isang repormador. Siya'y tinawag na isang repormador. At anong ginawa niya? Nagpasimula siya mismo roon, upang ipaggitan ng husto. At, nang kaniyang magawa, tinutulan niya ang iglesya. At, ang unang bagay alam n'yo, anong ginawa niya? Siya'y nagtayo ng gayon ding bagay na kaniyang ipinarito upang itaboy, panibagong iglesya.

¹⁹¹ Pagkatapos ay mayroon na naman silang panibagong kapanahunan ng iglesya. Pagkatapos, ang unang bagay alam n'yo, heto dumarating. . . Ang kapanahunan ng iglesya ay nasa gayong kaguluhan. Sumunod dumating si John Wesley,

panibagong repormador. Kita n'yo, nagtayo ng panibagong kapanahunan ng iglesya. Nakuha n'yo ba ang ibig kong sabihin? Panibagong kapanahunan ng iglesya ay naitayo. Silang lahat ay mga repormador.

¹⁹² Pansinin, itong huling Mensaheng, nang huling kapanahunan ng iglesya, ay hindi isang repormador. Siya ay isang propeta, hindi isang repormador. Ipakita n'yo sa akin kung saan nagkaroon nang isang propeta na nagpasimula ng kapanahunan ng iglesya. Siya'y hindi isang repormador. Siya ay isang propeta.

¹⁹³ Ang iba'y mga repormador, ngunit hindi mga propeta. Kung sila nga'y naging mga propeta, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta. 'Yan ang kadahilanan na sila'y nagpatuloy pa sa bautismo sa "Ama, Anak, Espiritu Santo," lahat ng iba pang mga bagay na ito, sapagka't sila'y mga repormador, at hindi mga propeta. Ngunit gayunpama'y sila'y mga dakilang tao ng Diyos, at nakita ang pangangailangan ng araw na kanilang kinabubuhayan. At sila'y pinahiran ng Diyos, at sila'y sinugo roon at tinuligsa ang mga bagay na iyon ng husto. Ngunit ang kabuuang salita ng Diyos ay hindi dumating sa kanila, sapagka't sila'y hindi mga propeta. Sila'y mga repormador.

¹⁹⁴ Ngunit sa mga huling araw, kailangang ito'y maging isang propeta, upang kunin ang mga hiwaga ng Diyos, upang dalhin ito pabalik, sapagka't ang mga hiwaga ay nahahayag lamang sa mga propeta. Kaya, kailangang dumating ang taong ito. Nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin ngayon? Hindi siya maaring maging isang repormador. Kailangang ito'y maging isang propeta, sapagka't ito'y kailangang maging isang tao na may likas na kakayahan at itinalaga roon, na makauunawa ng Salita.

¹⁹⁵ Ngayon, alam ng mga repormador na iyon na mayroong bagay na mali. Alam ni Luther iyan, na ang tinapay na iyon ay hindi ang katawan ni Cristo. At kaya kaniyang ipinangaral, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya," at iyon ang kaniyang mensahe. At nang sumunod, dumating si John Wesley, nakita niya na may pagbabanal, kaya ipinangaral niya ang pagbabanal. Iyan ang kaniyang mensahe. Kita n'yo? Ang mga Pentekostal ang nagpasok ng mensahe ng Banal na Espiritu, at iba pa.

¹⁹⁶ Ngunit sa mga huling araw, sa huling kapanahunang ito, ang mensahero ay hindi upang magpasimula ng anumang repormasyon, kundi para kunin ang lahat ng mga hiwaga na naiwan niyaong mga repormador, at tipunin silang sama sama at lutasin yaon sa mga tao. Hayaan n'yo akong basahin Ito muli. Napakabuti ng tunog niyan sa akin! Ako—nais kong basahin Ito.

...At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap: . . . isang bahag-hari . . . nasa kaniyang ulo, at ang Kaniyang mukha ay . . . ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy:

197 Ngayon, nakita natin ang gayun ding bagay, na si Cristo nga. At alam nating si Cristo ay palagi ang Mensahero sa Iglesia. Tama. Siya ay tinawag na Haliging Apoy, ang Anghel ng Tipan, at iba pa.

At may isang maliit na aklat na bukas sa Kaniyang kamay: . . .

198 Ngayon, ang mga Tatak ay tapos nang mabuksan, dito. Binubuksan natin ang mga iyon ngayon. Ngunit, ito, ang Bagay ay bukas.

. . . at itinuntong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa . . . ay sa lupa,

At siya'y sumigaw . . . isang malakas na tinig, na gaya ng leon na umuungal: at . . . pagkasigaw niya, ang pitong kulog ay umugong. (Naku! Ang Kabuuan!)

At pagkaugong ng pitong kulog, akong si Juan ay isusulat na sana (isusulat ang ano?) ang sinabi nila: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit (Diyos) na nagsasabi sa akin, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mo silang isulat. Huwag mo silang isulat. (Kita n'yo?)

At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat . . . itinaas ang kaniyang mga kamay sa langit,

At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan-kailan man, na lumalang ng langit, at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa, at ng mga bagay na naririto, at ng dagat, at ng mga bagay na naririto, na hindi na magluluwat ang panahon:

199 Masdan! Huwag kalilimutan ito ngayon, habang tayo'y nagpapatuloy.

Kundi sa mga araw (mga araw) ng tinig ng ikapitong anghel, . . .

200 Iyang huling anghel, makalupang anghel. Ang Anghel na *ito* ay bumaba mula sa Langit. Hindi ito Siya; Siya'y nagmula sa Langit. Ngunit Siya'y nangungusap dito ukol sa tinig ng ikapitong anghel, na siyang isang . . . ang *Anghel* ay nangangahulugang isang "mensahero," kahit sino ay nalalaman iyan, at ang mensahero sa kapanahunan ng iglesia.

. . . sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga (Pitong Tatak, lahat, lahat ng hiwaga) ng

Dios, ayon sa mabubuting balita na Kaniyang isinaysay sa Kaniyang mga alipin na mga propeta.

201 Ang buong hiwaga ay nahayag. Iyan ang ministryo ng anghel na iyon. Kita n'yo? Magiging napaka simple, ang mga tao'y dumaraan lamang sa ibabaw nito. Ngunit, gayun pa man, ito'y magiging ganap na isang pinagtibay. Ito'y sadyang nagiging ganap na maipapaalam. Kita n'yo? Lahat ng tao na nagnanais na makita ito ay makakakita nito. Kita n'yo? Iya'y tama. Ngunit ang mga 'yon. . .

202 Sabi ni Jesus, tulad ng Kaniyang sinabi nang Siya'y dumating, sabi, "Mayroon kayong mga mata, at hindi makakita. Sinabi nga ni Isaias na gayon kayo. Kita n'yo? At mayroon kayong mga tainga, at kayo'y 'di makarinig." Ngayon, kaya natuklasan natin na. . .

203 Tinakot ako niyan. Ako'y tumingin doon sa likod sa orasan at akala ko'y ganap na ikasampu na. Ngunit, iyo'y, Ako-ako'y mayroon. . . Ni hindi pa pala ika-siyam, gayun pa man, kita n'yo. O sige. Oh, naku! Kunin na natin ito ngayon. Pansinin. Gusto ko ito.

204 Ang ibang, mga repormador, datapuwa't, sa pagiging dakilang mga tao ng Diyos, nakita ang pangangailangan ng kaarawan, at ipinasok ang repormasyon.

205 Ngunit sabi ng Apocalipsis 10 na ang Kaniyang Mensahe ay upang maghayag, hindi magreporma; ihayag ang mga lihim. Ihayag ang mga lihim! Ito ang Salita sa tao. Sabi ng Hebreo 4, na, "Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, bumabaon maging sa mga paghihiwalay ng buto, at isang tagapag-hayag ng pag-iisip at mga lihim ng puso." Kita n'yo? Ang taong ito ay hindi isang repormador. Siya ay tagapaghayag, tagapaghayag ng (ano?) ng mga hiwaga ng Diyos. Kung saan ang mga iglesya ay ginawa Itong lahat na malabo at lahat na, siya ay darating kasama ang Salita ng Diyos at ihahayag ang bagay.

206 Sapagka't, siya ay upang kaniyang "ipanumbalik ang Pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga ama." Ang orihinal na Bibliang Pananampalataya ay ipapanumbalik ng ikapitong anghel. Ngayon, oh, gustong gusto ko ito! Lahat ng mga hiwaga ng mga Tatak, na hindi lubos na naunawaan ng mga repormador! Kita n'yo? Ngayon tingnan ang Malakias 4, ilang sandali. Buweno, markahan n'yo na lamang ito. Siya ay isang propeta, at, "magpapanumbalik ng orihinal na Pananampalataya ng mga ama." Ngayon hinihintay natin ang taong iyon na lumitaw sa kaganapan. Siya'y magiging napaka mapag-pakumbaba na sampung milyong maka-sampung milyong ulit ay. . . Buweno, magkakaroon ng maliit na grupo na makauunawa Nito.

207 Kung natatandaan ninyo noong isang araw, nang si Juan ay dapat na dumating, inihula, isang mensahero bago dumating si Cristo, “ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang.” Nakita siya ni Malakias. Tingnan, ang ika-3 kabanata ng Malakias ay ang pagdating ng Elias na darating at magpauna pagdating ni Cristo.

208 Masasabi ninyong, “Oh, hindi, hindi, Kapatid na Branham. Ito’y ang ika-4 na kabanata.” Hinihingi ko ang inyong paumanhin.

209 Sinabi ni Jesus na iyon ay ang ika-3 kabanata. Ngayon kunin ang San. . . Kunin n’yo ang San Mateo, ang—ang ika-11 kabanata, at ang ika-6 na talata. Kaniyang—sasabihin Niya ito. Ang 11—ika-11 na kabanata, ako’y naniniwalang iya’y ang ika-6 na talata; ika-4, ika-5, o ika-6, doon lang mismo. Sabi Niya, “Kung matatanggap n’yo ito,” nang Siya’y nangungusap tungkol kay Juan, “ito yaong tungkol sa Kaniyang ipinangusap, ‘Aking isinusugo ang Aking mensahero sa unahan ng Aking Mukha.’” Ngayon basahin ang Malakias 3. Ang ilan sa kanila ay pinipilit na ilagay ito sa Malakias 4. Hindi, ginoo, iya’y hindi nga.

210 Pansinin ang Malakias 4, pagka-alis na pagka-alis ng mensaherong iyon, ang mundo ay ganap na nasunog, at ang matuwid ay lumakad sa Milenyum, sa mga abo ng mga iyon. Kaya, nakita n’yo, kung ilalagay n’yo iyon na bilang siya roon noon, kung gayon—kung gayon Biblia ay nagsabi nang isang bagay na hindi ganoon. Mayroon na tayong dalawang libong taon, at ang mundo ay hindi pa nasusunog, at ang mga matuwid ay nabubuhay dito. Kaya, ito’y kailangang sa hinaharap. Oh, naku! [Ipinangalapak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng minsan—Pat.]

211 Kung kayo’y tutungo sa banda rito sa Apocalipsis, at tingnan kung ano ang dapat na gawin ng mensaherong iyon sa katapusan ng kapanahunang ito, kung gayo’y makikita n’yo kung ano ito. Siya’y kailangang maging isang propeta. Kailangan niyang maunawaan ang mga hiwagang ito na hindi nakita ng mga repormador na ito, at ilagay Ito roon.

212 Paano ihahambing ang Mateo 28:19 sa Mga Gawa 2:38, nang walang espirituwal na kapahayagan ng Diyos? Paanong sasabihin nang mga taong ito na ang mga araw ng kababalaghan ay tapos na, at kung anu-ano pang tulad niyan, at (huh!) nang walang kapahayagan ng Diyos? Ang tanging paraan lamang na kanilang malalaman iyan, ay alamin kung iyan ay tama o mali! Kita n’yo? Ngunit sila’y nanggaling sa mga seminaryo. Sana ay mayroon tayong oras upang tayo’y makadako riyan.

213 Nais kong magmadali, ‘pagka’t ayaw kong pagtagalin kayo rito ng higit sa sanglinggo, alam n’yo na ang ibig kong sabihin, ito, buksan ang mga Tatak na ito. Mayroon akong isang araw,

at nais kong magkaroon ng panalangin para sa mga maysakit sa araw na yaon, kung magagawa ko.

²¹⁴ Ngayon tingnan, Malakias 4, siya'y isang propeta, at "papanumbalikin ang orihinal na Pananampalataya ng mga ama."

²¹⁵ At sa huling panahon, kapag ang panahon ng Kapighatian ay dumating... Ngayon narito ang isang maliit na bagay na babalikan natin, sandali, kung saan ang tatlo't kalahating taon ay... O, ang pitumpung linggo ni Daniel, ang huling kalahati ng pitumpung linggo ni Daniel, na siyang tatlo't kalahating taon. Ngayon, tayo, ilan ang nakakaalala niyan, mula sa mga kapanahunan ng iglesya? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen"—Pat.] Kita n'yo? "Mayroong pitumpung sanlinggong nakalaan." Tingnan ninyo kung gaano kaperpekto ito. Sabi, "Ang Mesiyas ay darating, at Siya'y mahihiwalay, para sa isang handog, sa kalagitnaan ng sanlinggo, at ang obligasyon ay nakalaan." Pagkatapos, mayroon pa ring tatlo't kalahating taong hinintay, para sa maka-Mesiyas na Doktrina sa mga Hudyo.

²¹⁶ At ang Diyos ay hindi nakikitungo sa Hudyo at sa Gentil sa magkasabay na panahon. Siya'y nakikitungo sa Israel bilang isang bansa, sa Gentil bilang isang indibidwal. Hindi niya kinuha ang mga Gentil para maging Kaniyang Nobya; Siya'y kumuha ng mga tao mula sa mga Gentil. Kita n'yo? Ngayon Siya'y nakikitungo sa Israel bilang isang bansa. At ngayon doon siya nakaupo, mismo roon ngayon, bilang isang bansa.

²¹⁷ Ako'y mayroong isang sulat mula kay Paul sa araw na ito, Paul Boyd. At sinasabi niya sa akin, sabi, "Kapatid na Branham, gaano katotoo ito! Ang mga Hudyong ito ay mayroon pa rin kakatwang pakiramdam hinggil sa mga Gentil, kahit ano pa ang naganap." Tiyak, sila'y magkakaganoon. Sila'y dapat lamang.

²¹⁸ Nang gawin ni Martin Luther ang proklamasyon, na, "Lahat ng mga Hudyo ay dapat layasin, at ang kanilang mga gusali ay sunugin, sapagka't sila'y mga anti-cristo." Kita n'yo? Ginawa ni Martin Luther ang pahayag na iyon, siya mismo, sa kanyang sinulat. Ngayon, ginanap lamang ni Hitler ang sinabi ni Martin Luther. Bakit sinabi iyan ni Martin Luther? Sapagka't siya'y isang repormador, hindi isang propeta.

²¹⁹ Ang Diyos, na, "Pinagpala ng Aking propeta ang Israel, sabi niya, 'Sinumang magpapala sa inyo ay pagpapalain, at sinumang susumpa sa inyo ay susumpain.'" Paanong ang isang propeta ay makatatayo at ikaila kung anong sinabi ng ibang propeta? Hindi niya magagawa iyan. Kailangang iyan ay nasa pagkakaugma, kita n'yo.

²²⁰ Ngunit iyon ang kadahilanan bakit sila nag-uri... Kita n'yo, Ang Alemanya ay dapat na isang Cristianong bansa, at, sila, sa paraang kanilang trinato ang Israel! Mayroon pa rin silang pamalo sa kanilang balikat, at hindi n'yo sila masisisi.

Ngunit tandaan lamang, ang mga Hudyong nakaupo rito, huwag kayong mag-alala, ang araw ay darating na! Hindi sila kailan malilimutan ng Diyos. Sila'y binulag para sa kapakanan natin.

²²¹ Alam n'yo, Kanyang sinabi sa propeta, Siya . . . Ang propeta ay sumigaw, sabi, "Iyo bang kalilimutan ang Israel?"

²²² Sabi Niya, "Kunin mo ang patpat na panukat; at gaano kataas ang himpapawid? Gaano kalalim ang dagat?"

Sabi niya, "Hindi ko iyon masusukat."

²²³ Sabi, "Hindi ko kailanman magagawang limutin ang Israel." Iya'y ang Kaniyang bayan, Kaniyang mga lingkod.

²²⁴ At ang Gentil, ay tanging kakaunti na inilabas mula roon, para sa Kanyang Nobya. Iya'y eksaktong. Iya'y ang Nobya.

²²⁵ Ngayon, ang pitumpung linggo ay nakatakda, walang kamali-mali, tulad nang sinabi ni Daniel na ang Mesiyas na yaon ay darating at mahihiwalay sa kalagitnaan ng sanlinggo. At nanghula si Jesus ng tatlo't kalahating taon. Ngayon, sa gitna ng tatlo't kalahating taong ito ni Daniel, sa kalagitnaan niyon, Siya'y nahiwalay. Ngunit ngayon ang huling bahagi ay ang panahon ng Kapighatian, kung saan naroon ang Gentil na iglesya. Oh, ito ay mahalaga! Ngayo'y huwag. . . Ang Nobya ay pumasok kasama ng Kasintahang Lalaki; pagkatapos, makaraan ang Milenyum, lumakad palabas sa ibabaw ng mga abo ng masasama.

²²⁶ Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay dito, sadyang habang ito ay nasa isipan pa natin. Hayaan lamang na ipakita sa inyo kung ano ang sinabi Nito, kung ano ang sinabi ng Biblia. At hindi natin Ito maikakaila bilang ang Salita ng Diyos. Kung gagawin natin, kung gayon tayo'y mga hindi mananampalataya. Kita n'yo, kailangan natin paniwalaan Ito. Sasabihin ninyong, "Hindi ko naunawaan Ito." Kahit man ako. Ngunit ako'y umaasa sa Kanya na ihayag Ito. Tingnan.

Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo (tulad ng mga Amerikano, at iba pa), Oo, . . . ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan, ay magiging parang dayami: (Ito'y masusunog) at ang araw na dumarating, Aking susunugin sila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, . . . na anopa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man,

²²⁷ Paano ka kaya nagkaroon ng Walang Hanggang impiyerno roon kung gayon? Kita n'yo, iya'y ang mga huling araw, kapag ang mga bagay na ito ay nahahayag. Walang dako sa Biblia na nagsasabing ang impiyerno ay Walang Hanggan. Sa gayon, ang mapunta't mapasa Walang Hanggan impiyerno, kailangan mong magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan upang manatili roon. Mayroon lamang isang anyo ng Buhay na Walang hanggan, at

iya'y ang pinagsisikapan natin. Ang lahat ng bagay, ay may isang pasimula, may isang katapusan. "Ang impiyerno ay nilikha para sa Diablo at sa kanyang mga anghel," at tutupukin at mawawala. Tama. Kita n'yo? Datapuwa't kapag ito'y naganap, "Ito'y hindi mag-iwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man."

Ngunit sa inyo na nangatatapot sa aking pangalan ay sisikat ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa kanyang mga pakpak; . . . kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan.

At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.

228 Saan mapupunta ang mga masasama pagkatapos nang Kapighatian? Mga abo.

Alalahanin . . . ang mga kautusan ni Moises . . . na aking iniutos . . . sa kaniya sa Horeb para sa boong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan.

Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon.

229 Amen! Narito ang Lumang Tipan na nagtatapos tulad niyan, at narito ang Bagong Tipan na nagtatapos nang mismong gayon ding bagay. Paano n'yo iyon pipigilan? Hindi magagawa. Tingnan, "Isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang araw na yaon."

At kanyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa. (Uh!)

230 Hayan ka na. Iyan ang Salita ng Panginoon. Ipinangako Niya ito. Kailangang dumating ito. At ngayon kung mapapansin n'yo kung paano ito naganap. Ito'y maganda, kung paano ito ginawa ng Diyos. Ang Nobya ay lumabas, at kasama ang Kasintahang Lalaki. At—at pagkatapos niyan, ang masasama ay nasunog ng di mapupugnaw na apoy. At matapos na ang mundo ay madalisay, muling pinalago ang kanyang sarili. Lahat ng bagay ay kailangang gawin iyan, kailangang dumaan sa estado ng pagdadalisay.

231 Ang mga bulkan ay puputok sa matinding huling oras na iyan, at ang daigdig ay sasabog, at magbubuga at magsisilabas; at lahat ng mga lawang ito ng kasalanan, at lahat ng nasa ibabaw ng daigdig, ay matutunaw tungo sa kawalan. Ito'y masusunog nang gayon na lamang katinding init, na ito'y magiging tulad ng pampaputing iyon na ibinabalik ang—ang kulay ng—ng tinta

pabalik sa orihinal nitong pagkakalikha. Gayundin ang Apoy mula sa Diyos ay magiging napaka init, na magpapabalik sa lahat nang maruming bagay pabalik sa kalalagayan nito muli, kapag si Satanas at ang lahat ng kasalanan ay nasunog na, at lahat ng bagay. At pagkatapos siya'y lalabas na kasing ganda tulad noong siya'y nasa hardin ng Eden. Tama. Oh, ang dakilang oras na iyan ay sadyang nakalatag lamang sa unahan lamang natin!

²³² Habang nasa panahon ng Kapighatian. Heto ang nais kong mapansin ninyo ngayon, isang maliit na bagay na inihulog ko rito. Habang nasa panahon ng Kapighatian ito, matapos na ang Nobya ay matawag nang palabas, at ang iglesya ay tumungo na sa panahon ng Kapighatian, ang isang daan at apat na pu't apat na libo ay tinawag ng dalawang saksi ng Apocalipsis 11. Ngayoy tingnan. Sila'y manghuhula, isang libo't dalawang daan at animnapung mga araw, nararamtan ng magaspang na damit.

²³³ Ngayon, alam nating ang Romanong kalendaryong ito ay mayroong... Mayroon tayong dalawampu't walong araw at, minsan, ay tatlumpu, at talumpu't isa. Ngunit, sa totoo, ang kalendaryo ay binabasa ng ganito, tatlumpung araw sa bawat buwan. Tama. At kumuha ng sangdaan... isang libo't dalawang daan at animnapung araw, at maglagay ng tatlumpu roon, at tingnan kung ano'ng nakuha n'yo. Tatlo't kalahating taon, eksakto sa tuldok. Iyan ang panahon na inilaan, panahon para sa maka-Mesiyas na Mensahe na maipapangaral sa Israel, tulad niyon noon doon. Kapag Siya'y bumalik at ipakilala ang Kaniyang sarili, sa isang simbolo na kapag Siya'y dumating...

²³⁴ Noong, si Jose ay dinala papasok sa bansa, at itinakwil ng kaniyang mga kapatid, sapagka't siya'y isang ispirituwal na tao. Siya'y nakakakita ng mga pangitain at nakapagpapaliwanag ng mga panaginip. At nang kaniyang gawin, siya'y dinala papasok patungo sa bansa at ibinenta sa halagang halos tatlumpung pirasong pilak. Isinalarawan niya si Cristo, tamang-tama, sapagka't iyon ay Espiritu ni Cristo na nasa sa kaniya.

²³⁵ Pansinin ang nangyari pagkatapos. At pansinin na, nang kaniyang gawin ito, siya'y inilagay sa isang kulungan, at isang tao ang naligtas at ang isa'y napahamak. Eksaktong si Jesus, nang Siya'y nasa kulungan doon sa krus, ang isang magnanakaw ang naligtas at ang isa naman ay napahamak, tamang-tama.

²³⁶ Itinapon sa libingan, ipinagpalagay na patay na, at dinala paitaas at umakyat sa kanang kamay ng Paraon, na walang makakita sa Paraon nang hindi muna nakikita si Jose. Si Jesus ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos, at walang tao na makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan ng Anak. Tama.

²³⁷ At pansinin sa tuwing aalis si Jose, kapag si Jose ay tumayo mula sa kanang kamay ng tronong iyon. Masdan! Luwalhati! Doo'y nakaupo si Jose, sa may kanang kamay ng Paraon. At

kapag si Jose ay tumayo, upang iwan ang tronong iyon, ang trumpeta ay tumutunog. “Iluhod ang tuhod, lahat ng tao! Si Jose ay dumarating!”

²³⁸ Kapag iniwan ng Corderong iyan ang Trono, doon, sa Kaniyang mga araw ng gawaing pamamagitan, kapag Kaniyang iniwan ang Trono roon sa itaas, at kunin iyang Aklat ng Katubusan at lumakad palabas, lahat ng tuhod ay luluhod. Naron Siya. Pansinin.

²³⁹ At nang si Jose, ay itakwil ng kaniyang mga kapatid, siya’y binigyan ng isang Gentil na asawa. Binigyan s’ya ni Potiphar . . . O, binigyan siya ni Paraon ng isang—ising asawang Gentil kabiyak, at siya’y nagsilang ng mga Gentil na anak, kalahating Gentil at Hudyo. Sila’y nagbigay ng isang dakilang simbolo. Nang pinagpapala sila ni Jacob, si Ephraim sa isang panig at si Mannasseh sa isang panig, kaniyang pinag-krus ang kaniyang mga kamay at ibinigay si nakababatang anak ng pagpapala. At ang dalawang bata ay naidagdag sa labingdalawang angkan, kung saa’y sampu lamang sa panahong iyon, at pinagpala niya sila kay Jacob mismo. At si Jose, ang kaniyang propetang anak, na nakatayo roon, ay nagsabing, “Ama, nakagawa ka ng mali.” Sabi, “Inilagay mo ang iyong kanang kamay sa pagbabasbas sa nakababatang anak, kung saan iyan ay dapat na dumako sa matanda.”

²⁴⁰ At sabi niya, “Alam ko na ang aking kamay ay nagkrus, ngunit ipinagkrus yaon ng Diyos.” Bakit? ang Israel, sa pagkakaroon ng mga karapatan para maging isang Nobya, ay tumanggi at ipinagbili ang kanilang mga pagkapanganay, at ang . . . nagtungo mula sa matandang anak na lalaki, ang Israel, patungo sa bago, Gentil. At ang mga pagpapala ay tumungo mula roon, sa pamamagitan ng krus, patungo sa Gentil.

²⁴¹ Ngunit pansinin pagkatapos niyan, tingnan n’yo, sa pamamagitan niyan, nang ang lahat . . . Kaniyang kinuha ang kaniyang nobya. Ngunit nang silang mga kalalakihan ay bumaba upang bumili ng pagkain . . .

²⁴² Oh, iya’y isang napakagandang larawan! Ako’y malayo na sa Tatak, datapuwa’t kailangan ko pa ring sabihin ito, kita n’yo, ‘pagka’t makukuha n’yo nang mas mainam ang larawan, ako’y naniniwala. Pansinin.

²⁴³ Ngayon, nang sila’y bumaba upang bumili ng pagkain, alam n’yo, nakilala kaagad sila ni Jose. At si Jose ay anak ng kasaganaan. Saan man siya tumungo, ito’y laging sumasagana.

²⁴⁴ Kayo’y maghintay hanggang sa Siya ay dumating muli sa daigdig; maghintay hanggang sa dumating ang ating Jose! Kita n’yo? “Ang ilang ay mamumukadkad ng gaya ng isang rosas, at ang Araw ng Katuwiran ay sisikat na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak.” Oh, naku! Lahat ng kaktus na iyan

sa palibot ng Arizona ay magiging magagandang mga punong kahoy, at ito—at ito magiging maganda.

245 Pansinin, dito siya'y lumabas, at gumaga siya ng isang munting panlilinlang sa kanila roon. At siya'y nagpadala, at kaniyang sinabi, "Nabubuhay pa ba ang ama ko?" Kita n'yo? Nais niyang mabatid kung ang ama ng batang lalaking yaon ay nabubuhay pa. Sabi, "Oo." Alam niyang iyon ay kaniyang kapatid na lalaki. Ngunit napansin n'yo ba nang siya'y nakahanda na upang ihayag ang kaniyang sarili sa kaniyang mga kapatid na lalaki?

246 At kaniyang natagpuan ang munting Benjamin, na ipinanganak mula nang siya'y mawala. At iyan ay nagreprepara sa mga Hudong ito, itong isangdaan at apatnapu't-apat na libo na nangagkakatatipon doon ngayon magmula ng Siya'y mawala. At kapag Siya'y bumalik, sabi Niya. . . Siya'y tumingin kay Benjamin; ang kaniyang puso ay tila mawawak na.

247 At, tandaan, sila'y mayroong. . . siya. . . Hindi nila alam na nakapagsasalita siya ng Hebreo. Siya'y kumukuha ng isang tagapagpaliwanag. Siya'y kumilos na para bang siya'y isang Egipcio. Kita n'yo? At pagkatapos nang iyan ay nahayag, nais niyang ipakilala ang kaniyang sarili, palagi siyang tumitingin kay munting Benjamin. At, alalahanin, kaniyang pinaalis ang kaniyang asawa. Siya ay nasa palasyo nang Kaniyang ipakilala ang kaniyang sarili sa kaniyang mga kapatid.

248 At ang mga Gentil na Nobya, ang Asawang babae, matapos na si Jesus ay itakwil ng Kaniyang Sariling bayan, Siya'y kumuha ng isang Gentil na Nobya. At kukunin Siya mula rito, patungo sa Palasyo, sa Bahay ng Kaniyang Ama sa Kaluwalhatian, para sa Hapunan ng Kasalan. At tatalilis babalik sa ibaba, upang gawing hayag ang Kaniyang sarili sa Kaniyang mga kapatid, ang isang daan at apatnapu't apat na libo. . . ? . . . sa panahong iyon.

249 Doon siya'y nakatayo. At, alalahanin, tingnan ang simbolo ng walang kamali-mali. At nang siya ay bumalik sa kung saan ito naroon, siya'y tumingin pababa sa kanila, at sabi niya-sabi niya. . . nagpasimulang tumingin. At sila'y nagpasimulang mag-usap. Sabi nila, "Ngayon, Rueben, alam mong tayo'y madadamay dahil diyan ngayon, kita mo. Sapagka't, alam mo ang nagawa natin. Inilagay natin ang batang lalaking ito sa ganitong kalalagayan. Ngayon, dapat ay hindi sana natin ipinagbili ang ating kapatid." Iyon ay ang kanilang kapatid na lalaki na nakatayo roon, ang makapang-yarihang prinsipeng iyan, at hindi nila alam iyan nalalaman.

250 Iyan ang kadahilanan kung bakit hindi Siya maunawaan ng Israel sa araw na ito. Hindi pa ito ang oras upang mabatid iyan.

251 At pagkatapos, siya, inakala nilang hindi siya nakakaintindi ng Hebreo, ngunit siya'y nakikinig mismo sa kanila. Sabi nila, "Ngayon tayo'y madadamay na dahil diyan." At si Jose, nang siya'y tumingin sa kanila, hindi na niya makayanan pa ito.

252 Ngayon, tandaan, ang kaniyang asawa at mga anak ay nasa palasyo sa panahong iyon. Ang mga banal ay nakaalis na, mula sa presensiya.

253 At sabi niya, "Ako si Jose, ang inyong kapatid." At siya'y tumakbo palapit at sinunggaban ang munting si Benjamin, yumakap sa kaniyang leeg, at nagpasimulang umiyak. Kita n'yo? At ipinakilala niya ang kaniyang sarili.

254 At pagkaraa'y sinabi nilang, "Ngayon alam naming ito ay darating, sapagka't amin siyang ipinagbili. Kami ang siyang mga nagbenta sa kaniya. Kami ang siyang mga nagtangkang patayin siya, ngayon alam naming kami'y papatayin niya."

255 Sabi niya, "Hindi, huwag kayong magalit sa inyong sarili, ginawa n'yo lamang iyan upang mag-adya ng buhay. Iya'y kung bakit isinugo ako ng Diyos dito."

256 At nang maipakilala Niya ang Kaniyang Sarili, sabi ng Biblia... sa ating napag-alaman dito. Kapag naipakilala Niya ang Kaniyang Sarili sa isang daan at apatnapu't apat na libo roon, ang munting Benjamin ng araw na ito, at ang mga natira ng mga Hudyong yaon na naiwan doon; kapag Kaniyang naipakilala ang Kaniyang sarili, kanilang sasabihing, "Saan Mo nakuha ang mga pilat na iyan? Ano ang kanilang ginagawa sa Iyong kamay?"

257 Kaniyang sasabihing, "Oh, nakuha ko ang mga ito sa bahay ng Aking mga kaibigan." Kita n'yo? Oh, pagkatapos ay kanilang mapapag-unawang pinatay nila ang Mesiyas. Ngunit ano ang sasabihin Niya? Katulad ng pagkakagawa ni Jose nito. "Ginawa n'yo iyon upang maghatid ng buhay; huwag... magligtas ang buhay. Huwag magalit sa inyong sarili." Sapagka't, diyan, ang mga Gentil ay hindi sana naipasok kung hindi nagawa nang mga Hudyo iyang takip-matang panlilinlang. Kaya, Kaniyang iniligtas ang buhay ng Iglesia, sa pamamagitan ng mga bagay na kanilang nagawa. Kaya hayan ka na. Iyan ang kadahilanan, sa araw na ito, na hindi nila maunawaan Ito; hindi pa ito ang oras.

258 Hindi natin magagawang maunawaan ang mga bagay na ito hanggang sa dumating ang oras para Rito upang mapag-unawa. Oh, naku! Pitong Kulog, ng Apocalipsis, nawa'y ipakita Niya sa Nobya kung papaano maghanda para sa dakilang pananampalatayang paglipat!

259 Ngayon tayo'y magmadali, sapagka't wala na tayong mga labinglima, dalawampung minuto pa.

260 Ngayon, anong ibig sabihin ng maputing kabayong ito? Hayaanakong basahin ang...ako'y napalayo na ng husto;

pagpaumanhin ako sa pagkakalayo sa aking paksa. Ngunit, ngunit babasahin ko muli ang talata muli, ang dalawang talata.

At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, at isa sa apat na nilalang na buhay, Halika . . . tingnan.

At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputi: . . .

261 Ngayon tayo'y darako sa ika-2 talata.

. . . isang kabayong maputi: at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang korona: (wala siya niyan dati) . . . sa Kaniya at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay.

262 Ito na ang lahat niyan. Iyan ang Tatak. Ngayon tuklasin natin ang mga simbolo.

263 Natagpuan natin kung anong kahulugan ng Kulog Iyo'y walang kamali-mali, alam natin iyan, kita n'yo. Ang Kulog ay ang Tinig ng Diyos, nang ang Tatak ay mabuksan.

264 Ngayon, ano ang ibig sabihin ng maputing kabayo? Ngayon, dito ay kung saan nagmula ang kapahayagan. Ako ay kasing positibo hinggil dito, tulad nang pagtayo ko rito, nalalamang ito ay ang Salita.

265 Binasa ko ang bawat aklat tungkol doon na makikita ko. At kasama ang isang . . . Ako . . . Ang huling pagkakataon na ako ay—ay nagsikap na tumungo sa kabuuan nito, sadyang itinuturo iyan, mga tatlumpung taon na ang nakararaan, kinuha ko ang aklat . . . Mayroong nakapagsabi sa akin na ang mga Adventista ay mayroong higit na liwanag tungkol sa ikalawang Pagparito ni Cristo kaysa iba pang mga tao na kanilang nakilala, kaya natagpuan ko ang ilan sa kanilang maiinam na aklat, upang basahin ito. Mayroon akong aklat ni Smith kay Daniel, ng mga kapahayagan. At sinabi niyang ang maputing kabayong ito na lumabas ay maputi, at ito'y sumisimbolo ng isang mananakop. At sa pananakop na ito . . . Marami sa inyo rito na mga Adventistang kapatiran ay alam ang aklat, at marami sa inyong iba pa, din, sa pagbabasa nito. At—at ang iba pa, ako'y bumasa ng dalawa o tatlo. Ako'y bumasa, at hindi ko matawag . . . Mayroon pang dalawang aklat ang binasa ko, at ang dalawang lalaki ay nagkasundo na iyan ay tama. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng limang beses—Pat.] Iyan ay mga mabubuting tagapagturo, ipinagpalagay na ilan sa mga pinaka magaling, na may pinakamainam na liwanag. Kaya naisip ko, “Buweno, kung hindi ko alam, sasabihin ko na lamang ang sinabi nila, sikiping ituro iyan sa ganyang paraan.”

266 Sila'y nagbigay ng isang napakabuting bulalas nito, kung ano ang talagang ibig sabihin nito. At sabi nila; “Ngayon, narito

ang isang maputing kabayo, at ang isang maputing kabayo ay isang kapangyarihan, isang mananalakay.” At sabi, “Ang taong nakaupo riyon, ay ang—ang maputing kabayo, ay ang Banal na Espiritu na dumating sa sinaunang kapanahunan at sinakop ang kapanahunang iyan para sa Kaharian ng Diyos. Siya’y mayroong isang busog sa kaniyang kamay, na nangangahulugang, tulad ni Cupido, tinudla niya ang mga palasok ng pag-ibig tungo sa mga puso ng mga tao, ang pag-ibig ng Diyos, at siya’y nanagumpay.”

²⁶⁷ Ngayon, iyan sa pakinig ay napakaganda, ngunit hindi iyon ang Katotohanan. Hindi, ginoo. Oo. Hindi iyan ganyan. Ang puti ay nangangahulugan ng katuwiran. Ating— naunawaan natin iyan. Ang puti’y nangangahulugan ng katuwiran. Ang mga tagapagturo’y itinuro iyan, na iyan ay ang Banal na Espiritu na nananakop sa unang kapanahunan; ngunit ang kapahayagan ko, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay hindi sa ganiyang paraan.

²⁶⁸ Ang kapahayagan ko, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay: si Cristo at ang Banal na Espiritu ay siya mismong Persona, lamang ay nasa isang magkaibang anyo. Kaya, *dito’y* nakatayo si Cristo, ang Cordero. Alam nating Siya ang Cordero. Siya ay nakatayo *rito* na may mga Aklat sa Kaniyang kamay; at *doo’y* yumaon ang mangangabayo ng maputing kabayo, kita n’yo, kaya hindi iyon ang Banal na Espiritu.

²⁶⁹ Ngayon, iya’y isa sa mga hiwaga ng mga huling araw, kung paanong ang Cristong iyan ay maaaring maging tatlong persona sa Isa. Hindi iyon tatlong magkakaibang tao, Ama, Anak, at Espiritu Santo, bilang tatlong mga Diyos, tulad ng pinipilit sabihin sa atin ng mga trinitarian. Ito’y tatlo, ito’y tatlong pagpapakilala ng siya ring Persona. O, maaari n’yo itong tawagin na tatlong tungkulin. Kung kayo’y nakikipag-usap sa mga ministro, hindi n’yo gagamitin ang tungkulin; ‘pagka’t, tama, bigla kong naisip, ako’y nasa teyp. Kaya sasabihin ko sa inyo . . . Siyempre, hindi masasabi ni Cristo na, “Aking idadalangin ang Aking tungkulin at Siya’y magpapadala sa inyo ng panibagong tungkulin.” Alam natin iyan. Ngunit kung nais ninyong gawin ito . . . Ito’y tatlong mga katangian ng gayun ding Diyos. Kita n’yo? Ito’y hindi tatlong Diyos. Tatlong katangian ng gayunding Diyos! Kita n’yo?

²⁷⁰ At kaya paano mapupunta *roon* si Cristo, ang maputing kabayo, na nananakop, at nakatayo *rito* na may Aklat sa Kaniyang kamay? Ito’y hindi, gayon man. Hindi iyon si Cristo.

²⁷¹ Pansinin ngayon, ang Banal na Espiritu (sa kapahayagan) at si Cristo, ito’y, ang Banal na Espiritu ay si Cristo sa ibang anyo. Tama.

²⁷² Pansinin, ito ay ang Cordero na nagbukas ng mga Aklat, at ang Cordero ay si Cristo. At si Cristo ay hindi na nakita pang muli, mula noon, ngunit Siya ay nakita sa Aklat ng Apocalipsis,

sa ika-19 na kabanata, dumarating na nasa isang maputing kabayo.

²⁷³ Kung nais n'yong basahin ito, tayo'y dumako sa Apocalipsis 19:11, anim—... At basahin lamang iyon ng madali ngayon habang tayo'y—habang tayo'y... Tayo'y may sapat pang oras, umaasa, upang ito'y gawing sadyang mas mabuti sa atin ng kaunti. 19, 19:11, magsimula sa ika-11 talata, at bumasa pababa, kasama ang ika-16

At nakita kong bukas ang langit, . . . narito, ang isang kabayong maputi; (hindi sa lupa; sa Langit, kita n'yo) at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat . . . Totoo, . . . sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka.

At ang kaniyang mga mata ay . . . ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming korona; (tumingin sa mga diadema!); At siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinuman ay 'di nakaaalam, kundi . . . siya rin.

²⁷⁴ Hangad ko sanang makatitigil ako diyan nang sandali. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng minsan, at tumigil panandali—Pat.] Oh, naku! Ako'y mayroong isang mabuting pagkaunawa, ngunit . . . Marahil magagawa kong, kung inyong . . . [Kongregasyon nagsabi ng, “Ipagpatuloy mo!”]

²⁷⁵ Kita n'yo, walang nakaaalam Nito. Alam n'yo na ba na ang Pangalang “Jehovah” ay hindi tama? Sinuman ay nakakaalam. Dr. Vaile, nalalaman mong iya'y totoo. Ang mga tagapagsalin ay hindi kailanman magawang maisalin Ito. Ito'y nabaybay na J-u-h-v . . . J-v-h-u, ang ibig kong sabihin. Hindi iyan “Jehovah”. Hindi nila Ito magalaw. Hindi nila alam kung ano Ito. Tinawag Itong “Jehovah”, ngunit hindi iyon ang Kaniyang Pangalan.

²⁷⁶ Masdan, sa tuwing ang tagumpay ay nakakamtan, o ilang bagay ang nagaganap, ang isang pangalan ay nabago.

²⁷⁷ Tingnan ang mga kaarawan ni Abraham. Siya noo'y, una, Abram, at hindi kailanman makakamtan ang sanggol na iyan hanggang ang kanyang pangalan ay mabago sa Abraham. At si Sarra, S-a-r-r-a, ay hindi magkakamit kundi isang patay na sinapupunan hanggang ang kanyang pangalan ay mabago sa S-a-r-a-h.

²⁷⁸ Ang *Jacob* ay nangangahulugang “manlilinlang, mandaraya,” at iyan ang kanyang ginawa. Naglagay siya ng balat ng tupa sa kanyang sarili, at dinaya ang kanyang amang propeta, upang kunin ang pagkapanganay. Siya'y naglagay ng mga sanga ng alamo sa tubig, binatikan ang mga iyon, tinakot ang mga kawan nang sila'y buntis sa . . . sa kanilang mga anak, upang makagawa ng batik-batik na kawan at tupa. Walang iba kundi isang mandaraya!

279 Ngunit isang gabi siya'y nakahawak ng Isang bagay na totoo, at alam niyang Iyan ay totoo. At siya'y nanatili kasama Nito, at kumapit hanggang sa siya'y makapagtagumpay. At ang kanyang pangalan ay nabago, at tinawag na *Israel*, nangangahulugang "isang prinsipeng may kapangyarihan sa harap ng Diyos".

280 Iyan ba'y tama? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Bawat mananagumpay!

281 Si Simon ay isang mangingisda. Ngunit ng maunawaan ng kanyang pananampalataya at mabatid na 'yon ay si Jesus, nang Kaniyang sabihin sa kanya na Siya ay ang Mesiyas, at sabihin sa kanya kung ano ang kanyang pangalan at kung ano ang pangalan ng kanyang ama, siya'y napagtagumpayanan, at nabago mula sa Simon patungong Pedro.

282 Saul, mabuting pangalan. Si Saul, ay minsang naging hari sa Israel, ngunit siya, ang *Saul*, ay hindi nababagay sa isang apostol. Maaaring mabuti para sa isang hari, ngunit hindi sa isang apostol. Kaya binago ni Jesus ang kanyang pangalan (mula sa ano?) mula sa Saul patungong Pablo.

Tingnan "Ang mga anak na lalaki ng kulog," at tuloy-tuloy pababa.

283 At, si Jesus, ang Kaniyang pangalan sa lupa ay "Manunubos", Jesus. Nang Siya'y nasa lupa, Siya ang Manunubos, iya'y totoo. Ngunit nang Kaniyang mapagtagumpayanan ang kamatayan at impierno, at mapagtagumpayanan sila, at umakyat sa Kaitaasan, Siya'y tumanggap ng isang bagong Pangalan. Iyan ang dahilan kaya kayo'y humihiyaw sa paraang ginagawa nila, at sila'y hindi nakakakuha ng anumang.

284 Ito'y mahahayag sa mga Kulog. Uh-uh. Kita n'yo? Pansinin ang mga hiwaga. Siya'y darating, nakasakay... Kailangang magkaroon ng Isang bagay upang baguhin ang Iglesyang ito. Alam n'yo iyan. Kailangang magkaroon ng Isang bagay. Pansinin, "Walang taong nakaalam, kundi ang Kanyang sarili." Ngayon, pansinin, "Walang taong nakaalam, kundi ang Kanyang Sarili".

At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios.

Oh, naku! Pansinin.

At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong, maputi at dalisay.

At sa kanyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kanyang paghaharian sila ng tungkod

na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan at kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kanyang damit at sa kanyang hita, HARI NG MGA HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

285 Naroon dumarating ang Mesiyas. *Naroon* Siya; hindi ang taong ito na nasa likod ng kabayo *rito*. Masdan ang kaibahan. Dito Siya'y nakatayo na may Aklat sa Kanyang kamay, *dito*, ang gawaing pagtutubos ay sadyang. . . Hindi pa Niya kinuha ang Kaniyang lugar. Kaya, hindi iyon ang Cristo na pumaroon, ang Banal na Espiritu.

286 Hindi sa 'di pagsang-ayon sa kanila na mga tanyag tao. Hindi, ginoo, hindi ko ginagawa iyan. Hindi ko nanaising gawin iyan, ngunit ito kung ano ang—ang kapahayagan ko Nito. Kita n'yo? Kung mayroon kayong isang bagay na iba, buweno, iya'y mabuti, pero tama para sa akin. Kita n'yo, aking—pinaniniwalaan ko Ito sa ganitong paraan. Kita n'yo, ngayon, alam n'yo kung ano. Kita n'yo?

287 At, pansinin, si Cristo ay hindi na muling nakita pa, kita n'yo, mula sa panahon doon. Ngunit Siya ay nasa isang maputing kabayo. Kaya kung ang lalaking ito ay nakasakay sa isang maputing kabayo, siya'y isang nagpapanggap na Cristo lamang. Kita n'yo? Nakuha n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

288 Pansinin, ang nakasakay sa maputing kabayo ay walang anumang pangalan. Maaaring siya'y gumamit ng dalawa o tatlong mga titulo, kita n'yo, ngunit wala siyang taglay na anumang pangalan.

289 Ngunit si Cristo'y may isang Pangalan! Ano iyon? Ang Salita ng Diyos. Iyan nga kung ano iyon. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos at ang Salita ay Diyos. At ang Salita, ay nagkatawang tao." Kita n'yo? Ang nakasakay ay walang pangalan, ngunit si Cristo ay tinawag na, "Ang Salita ng Diyos." Iyan nga Siya. Siya'y tinawag na ganyan. Ngayon mayroon Siyang isang Pangalan na 'di nalalaman ng sinumang tao; ngunit Siya'y tinawag na, "Ang Salita ng Diyos."

Ang lalaking ito ay 'di tinawag nang anumang pangalan, kita n'yo, ngunit siya'y nasa isang maputing kabayo.

290 Ang nakasakay ay walang mga palasok para sa kaniyang busog. Napansin n'yo ba? Mayroon siyang isang busog, ngunit walang nasabi tungkol sa pagkakaroon ng anumang mga palasok, kaya siya marahil ay isang nagkukunwari. Tama. Marahil ay mayroon siyang maraming kulog, at walang kidlat. Ngunit natuklasan n'yo, si Cristo ay mayroong pareho ng kidlat at kulog, sapagka't mula sa Kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na Tabak na magkabila ang talim, at Kaniyang

sinasaktan ang mga bansa sa pamamagitan Nito. Ang lalaking ito ay hindi makapanakit ng anuman, kita n'yo, ngunit kaniyang ginagampanan ang bahagi ng isang hipokrito. Siya'y lumabas, nakasakay sa isang maputing kabayo, lumabas upang manakop.

²⁹¹ Si Cristo ay may isang matalas na Tabak, at, masdan, Iyan ay nanggagaling mula sa Kaniyang bibig. Ang buhay na Salita, iya'y, Salita ng Diyos na nahayag sa Kaniyang mga lingkod. Tulad ng Kaniyang sinabi kay Moises, “Humayo ka, tumayo ka roon, at hawakan ang tungkod na iyan patungo roon; tumawag ka ng mga langaw,” at nagkaroon ng mga langaw. Tiyak. Ano man ang kaniyang sabihin, ginawa Niya iyon; at iyon ay naganap, ang Kaniyang buhay na Salita. Ang Diyos at ang Kaniyang Salita ay siya ring Persona. Ang Diyos ay ang Salita.

²⁹² Sino itong mahiwagang mangangabayo ng unang kapanahunan ng iglesya kung gayon? Sino siya? Isipin natin iyan. Sino itong mahiwagang mangangabayo na nagsimula sa unang kapanahunan ng iglesya at nangabayo deretso patungo sa Kawalang-Hanggan, nagtungo sa katapusan?

²⁹³ Ang Ikalawang Tatak ay lumabas at nagpatuloy palabas patungo sa hangganan. Ang Ikatlong Tatak ay lumabas at nagpatuloy hanggang sa katapusan. Ang Ikaapat, Ikalima, Ikaanim, Ikapito, bawat isa sa kanila, ay humantong mismo dito sa katapusan. At sa huling kapanahunan, ang mga Aklat na ito na naibilot sa lahat ng panahong ito, kasama ang mga hiwagang ito sa kanila, Ito'y nabuksan. Pagkatapos ay lumabas ang mga hiwaga, upang makita kung ano ito. Ngunit, sa totoo, sila'y nagpasimula pa sa unang kapanahunan ng iglesya, sapagka't ang iglesya, ang unang kapanahunan ng iglesya, ay tumanggap ng Mensahe ng tulad Nito. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses—Pat.]

²⁹⁴ “Isang mangangabayo sa maputing kabayo ang lumabas.” Kita n'yo? Sino siya? Siya ay makapangyarihan sa kaniyang nakapananakop na kapangyarihan. Siya ay isang dakilang tao sa kaniyang nakapananakop na kapangyarihan. Nais n'yo bang sabihin ko sa inyo kung sino siya? Siya ay ang anti-cristo. Tamang-tama kung ano siya. Gayon, dahil, nakita n'yo, kung ang isang anti-cristo; sabi ni Jesus, na, “Ang dalawa ay magiging napakalapit sa isa't-isa ano pa't ililigaw ang mga pinaka Hinirang (ang Nobya) kung maaari.” Anti-cristo, ito'y ang anti-cristong espiritu.

²⁹⁵ Alalahanin, sa mga kapanahunan ng iglesya, nang buksan natin ang kapanahunan ng unang iglesya roon noon, natagpuan natin na ang Banal na Espiritu ay laban sa isang bagay na kanilang sinimulan sa kapanahunan ng iglesyang iyan, at iyan ay tinawag na “mga gawa ng mga Nicolaita.” Naaalala n'yo 'yon? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang ibig sabihin ng *Nikao* ay “upang manakop.” Ang ibig sabihin ng *Laity* ay “ang iglesya,”

ang laity. *Nico-laita*, “upang sakupin ang iglesya.” “Kunin ang Banal na Espiritu mula sa iglesya at ibigay Iyon lahat sa isang banal na tao. Hayaan siyang maging amo ng lahat ng iyan.” Nadaanan n’yo na ito, kita n’yo, Nicolaita. Pansinin, ang Nicolaita ay “isang—isang kasabihan,” sa isang iglesya. Ito’y naging “isang doktrina,” sa sumunod na kapanahunan ng iglesya. At sa ikatlong kapanahunan ng Iglesya, iyon ay “isang sapilitan,” at nagkaroon sila ng Konseho ng Nicaea. At ito ay ginawa pagkaraan na—na isang doktrina sa isang iglesya. At ano ang unang bagay na naganap? Isang organisasyon mula roon! Ngayon, tama ba iyan? [“Amen.”]

²⁹⁶ Sabihin n’yo sa akin kung saan nagmula ang unang organisadong iglesya. Sa iglesya ng Romano Katoliko! Sabihin n’yo sa akin kung di sinasabi ng Apocalipsis, sa Aklat ng Apocalipsis 17, na, “Siya ay isang patutot, at ang kaniyang mga anak na babae ay mga patutot.” Iyan ay parehong bagay na nag-organisang kasama niya, “mga patutot.” “Dinadala ang mga kasuklam-suklam, karumihan ng kanilang mga pakikiapid, para pandoktrina.” “Itinuturo na pinaka-Doktrina ang mga kautusan ng mga tao.” Pansinin.

²⁹⁷ Tingnan, s’ya’y nagpasimula upang manakop. Pansinin, wala siyang korona. Ang nakasakay sa maputing kabayo, ang sinasabi ko rito. Kita n’yo? “Isang busog; at isang korona ay ibinigay sa kanya, bandang huli.” Kita n’yo? Wala siyang korona, sa pagpapasimula, ngunit isang korona ay ibinigay sa kanya. Pansinin, sa bandang huli ay binigyan siya ng korona, oo, tatlo sa kanila, tatlo sa isa. Iya’y tatlong daang taon ang nakalipas, sa Konseho ng Nicaea. Nang siya’y magpasimulang lumabas, isang espiritu ng Nicolaita, upang bumuo ng isang organisasyon sa gitna ng mga tao. At pagkatapos iyan ay nagpatuloy, nagpatuloy, nagpatuloy, naging “isang kasabihan,” pagkatapos iyan ay naging “isang doktrina.”

²⁹⁸ Alalahanin n’yo, si Cristo ay nangungusap roon sa iglesya, sabi, “Kinamumuhian mo ang mga gawa ng mga Nicolaita na ito, na Akin namang kinamumuhian, din.” Nagsisikap makapanakop, kunin ang Banal na Espiritu tanging sa isang banal na tao na lamang; kaniyang mapapatawad ang lahat ng kasalanan at lahat na.

²⁹⁹ At kababasa pa lang natin nito sa banda roon, si Pablo ay nangusap tungkol doon. Ang bagay na iyan ay uupo sa mga huling araw. At hindi siya mahahayag hanggang sa huling mga araw. “Pagkatapos, Siya na pumipigil, ay kukunin ang Espiritu ng Diyos palabas roon; at pagkatapos ay kaniyang ihahayag ang kaniyang sarili.”

³⁰⁰ Ngayon siya’y nasa ilalim ng pagkukunwari ng isang maputing kabayo. Bantayan kung paano siya magbabago mula sa maputing kabayong iyan, sa ilang minuto. Hindi lamang siya

naging isang maputing kabayo; siya'y naging isang hayop na may maraming mga ulo at mga sungay. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang maputing kabayo, s'ya'y isang mandaraya ngayon, at iyan ang dahilan kung bakit hindi nalaman iyan lahat ng mga tao sa panahong ito. Inakala nila ito. Ngunit heto iyan ngayon, iya'y mahahayag sa pamamagitan ng Kasulatan. Pansinin.

301 Nang ang Nicolaita, kita n'yo, ang anti-cristo, sa wakas ay magsakatawan sa isang tao, pagkatapos siya ay kinoronahan. Nang siya'y nagpasimula, bilang isang espiritu ng Nicolaita sa iglesya, s'ya ay isang espiritu. Hindi mo makokoronahan ang isang espiritu. Ngunit tatlong daang taon ang nakalipas, siya'y naging isang papa, at pagkatapos ay kinoronahan nila siya. Wala siyang korona, sa pagpapasimula. Ngunit nagkaroon siya ng isang korona, bandang huli, kita n'yo, nang ang espiritung iyan ay nagkatawang-tao. Kita n'yo? Siya'y naging isang tao. Ang doktrina ng Nicolaita ay naging isang tao, pagkatapos ay makokoronahan na nila siya. Hindi nila magawa iyon, sapagka't, isa pa lamang siyang doktrina.

302 Luwalhati! Pansinin! At kapag ang Banal na Espiritung ito na taglay natin ay magkatawang-tao sa atin, ang Isa na nasa kalagitnaan natin ngayon sa anyo ng Espiritu Santo, ay magkatawang-tao sa atin, sa Katauhan ni Jesus Cristo, atin Siyang kokoronahan na Hari ng mga hari. Iya'y tama. Kita n'yo?

303 Ngayon, alalahanin, nang halos sa panahong dumating si Cristo sa Trono, ang anti-cristo ay dumating sa trono, si Judas. Nang halos umalis si Cristo sa lupa, si Judas ay umalis sa lupa. Nang sa panahong bumalik ang Banal na Espiritu, bumalik ang anti-cristo.

304 Alam n'yo, sabi ni Juan banda rito, "Mumunting mga anak, hindi ko kayo hahayaang maging mangmang, alam n'yo, tungkol sa anti-cristo, na siya'y dumating na at kumikilos sa mga anak ng pagsuway." Ang anti-cristo kung gayon, naroon nga siya, nagpasimulang buuin doon ang espiritu ng Nicolaita, upang gumawa ng isang organisasyon.

305 Hindi nakapagtataakang kinamumuhian ko ang bagay na iyan! Kita n'yo? Kita n'yo? Hayan ka na. Ito'y hindi ako; iyon ay Isang Bagay dito. Hayan nga ang bagay. Ito'y lumabas na. Nakita n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] At ako'y nasa palibot ng mga panig nito. Hindi ko makita iyan hanggang ngayon. At alam ko na 'yan ngayon. Hayan nga ito. Ang espiritung Nicolaita na 'yan, na kinamumuhian ng Diyos.

306 At ngayon ang espiritung iyan ay nagkatawang-tao, at kinoronahan nila ito. At narito ito mismo rito, kung anong sinabi ng Biblia na kanilang gagawin dito. Ito'y walang kamali-mali. Oh, naku! Nagkatawang-tao! Siya'y naging isang tao, at pagkatapos ay kinoronahan nila siya.

307 Basahin, pansinin! O, basahin, manapa, kung paanong sinabi ni Daniel na siya'y maghahari sa kaharian ng iglesya. Nais n'yo bang basahin iyan? [Ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mayroon tayong panahon para gawin iyan, hindi ba? ["Amen."] Mabuti. Makinig. Tayo'y bumalik kay Daniel, sandali lang. Bumalik sa Aklat ng Daniel, at tayo'y babasa ng ilang sandali. At tayo'y hindi na marahil magtatagal ng panibagong labinglima, dalawampung minuto, o tatlumpu, o bagay na tulad niyan. Ayos lang? ["Amen."]

308 Kunin natin ang Daniel, ang ika-11 kabanata, at kunin natin ang ika-21 talata. Narito si Daniel, si Daniel ay nangungusap ngayon kung paano ang taong ito ay makakapanaig.

At kahalili niya na tatayo ang isang hamak na tao, (Roma, tinutukoy), na hindi nila pinagbigyan ng karangalan ng kaharian: (ngayon masdan) nguni't siya'y darating panahong isang katiwasayan. . . at magtatamo ng kaharian sa pamamagitan ng mga daya.

309 Tamang-tama kung anong ginawa nito! Iyan nga ang sinabi ni Daniel na gagawin ng anti-cristong ito. Siya ay babagay sa lugar ng mga tao. Oo, ito'y babagay sa kanilang—sa kanilang menu para sa araw na ito, para sa mga iglesya. Sapagka't, sa kapanahunan ng iglesyang ito, hindi nila gusto ang Salita, si Cristo, ngunit nais nila ng iglesya. Ang unang bagay, hindi nila tatanunging kung kayo ay isang Cristiyano. "Anong iglesya ka nabibilang? Anong iglesya?" Hindi nila gusto ang Cristo, ang Salita. Pumunta ka, sabihin sa kanila ang tungkol sa Salita at paano maging matuwid, hindi nila gusto Iyan. Gusto nila ng isang bagay, na mamuhay lamang sa anumang paraan nila gusto, at manatili pa ring nabibilang sa iglesya at tamuhin ang kanilang patotoo. Kita n'yo? Kita n'yo? Kaya, bumagay siya sa menu ng sadyang tamang-tama. At, alalahanin, s'ya sa bandang huli ay tinawag na "siya," sa Biblia, at siya ay isang patutot at may mga anak na babae. Sadyang bumagay sa moda ng araw, kung anong nais ng mga tao. Hayan na ito.

310 Ipinangako iyan ng Diyos. Nang ang Salita ay tanggihan, pagkatapos sila ay nabaling sa kanilang mga pagnanasa. Basahin natin muli ang Mga Taga Tesalonica. Hayaan. . . Nais kong masdan ninyo dito sandali. Oo, buweno, binasa natin iyan, kani-kanina lang. Ikalawang Tesalonica 2:9-11. Sinabi Nito na kanilang gagawin. "Tinatanggihan, itinatakwil ang Katotohanan, sila'y ibibigay nga sa isang masamang pag-iisip, at magsisipaniwala sa isang kasinungalingan at manngaghatulan dito." Ngayon iyan ang—iyan ang sinabi ng Banal na Espiritu.

311 Ngayon, hindi ba iyan ang ninanasa ang iglesya ngayon? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Subukin ninyong sabihin sa mga tao na kailangan nilang gawin *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*, at ipaaalam kaagad nila sa inyo na sila'y Metodista, Presbetero, o kung ano

pa, sila'y "hindi na kailangang sumang-ayon sa inyong gusto." Kita n'yo? Tiyak. Iyan ang nais nila.

³¹² At sabi ng Diyos, "Kung nais nila iyan, pababayaang ko lamang makuha nila iyan. At talagang papaniwalaan ko pa sila na iya'y ang Katotohanan, 'pagka't bibigyan Ko sila ng masamang kaisipan tungkol sa Katotohanan." Ngayon tumingin dito kung anong sinasabi ng Biblia, din, "Kung paano si Jannes at Jambres ay lumaban kay Moises, gayun din ang mga taong ito sa mga huling araw, na mayroong kasumpa-sumpang pag-iisip tungkol sa Katotohanan; at ibabaling sa kahalayan ang biyaya ng ating Diyos, na itinatatwa ang Panginoong Diyos."

³¹³ Ngayon nakita n'yo kung saan iyan naroroon; hindi lamang Katoliko, kundi Protestante. Ito'y ang buong bagay. Iya'y ang buong organisadong mundo. Iya'y ang mangangabayong iyan ng maputing kabayo, sa ilalim ng—ng pamamaraan ng—ng isang—isang—isang (puti) katuwiran, iglesya, kita n'yo, ngunit isang anti-cristo. Kailangan niyan na magmukhang pareho. Sa isang kabayo, man lang, tulad kay Cristo na darating na nasa isang maputing kabayo. Kita n'yo? Oh, anti, napakalapit na kung maaari ay madaya pati ang pinaka Hinirang! At narito siya. Siya ang anti-cristo.

³¹⁴ Nagpasimula siyang mangabayong sa unang kapanahunan ng iglesya. Ngayon siya'y patuloy na nangangabayong, tuloy pababa sa bawat kapanahunan. Ngayon masdan siya. Masasabi ninyong, "Mula pa, mula pa sa panahon ng mga apostol?" Siya ay tinawag na "Nicolaita" roon. Pagkatapos, sa sumunod na kapanahunan ng iglesya, pagkatapos siya'y naging "isang doktrina" sa iglesya. Una, s'ya ay "isang kasabihan" lamang, pagkatapos siya'y naging "isang doktrina."

